UNIVERSITY OF THE PHILIPPINES
LIBRARY
MAR 4 1957

MAGASIN NG
BAGONG Buhay
MARSO 3, 1957



**NIDA at NESTOR**

**Sa "SEBYA, MAHAL KITA" ng LVN**

(Salig sa isang dula sa radyo sa himpilang DZXL na itinataguyod ng San Miguel Brewery

1—MAGASIN NG BAGONG BUHAY MARSO 3, 1957

ISANG ISTORYANG SADYANG PAMBIHIRA SADYANG NABABAGO...







ITO'Y MAY APAT NA ULIT NA KAPANABIKAN







PUNO-NG-BITUING MADULANG TAGUMPAY NG **LVN**

# DALISAY-

MARSO 5-14

CECILIA LOPEZ • LEROY SALVADOR
NITA JAVIER • CARLOS PADILLA, JR.
EDDIE RODRIGUEZ

ALFONSO CARVAJAL REBECCA DEL RIO
OSCAR OBLIGACION EUSEBIO GOMEZ
LUDY CARMONA
Panauhing Bituin: VIC SILAYAN

Salig sa Serye ng Hiwaga Komiks
ni Rico Bello Omagap
Musika: Lt. Col. A. Buenaventura

# CUATRO VIDAS

Pinamahalaan ni
MANUEL SILOS

☆☆☆☆☆☆☆☆☆☆☆☆☆☆☆☆☆☆☆☆☆☆☆☆☆☆☆☆☆☆☆☆☆☆☆☆☆☆☆☆☆☆☆☆☆

SUSUNOD SA DULAANG
**DALISAY**

# "WALANG SUGAT"

HANGO NG LVN SA WALANG KAMATAYANG
SARSUWELA NA MAY GAYONDING
PAMAGAT NI SEVERINO REYES

MARIO MONTENEGRO
CHARITO SOLIS
TONY SANTOS




Saan man magtungo ang Pangulong Magsaysay, lalo na sa lalawigan, ay halos dumugin siya ng mga taong-bayang karamihan ay kabilang sa mga anak-pawis...

# "Mabango" Pa Nga Kaya Si Magsaysay?

SA KASALUKUYAN, panay na naman ang usap-usapan ng mga tao sa mga umpuk-umpukan. Ang karaniwang paksa: pulitika. Kapag napag-usapan ang pulitika, tiyak na mababanggit ang Pangulong Ramon Magsaysay — ang Idolo ng Bayan, ang "My Guy" ng maraming mahihirap. Pag nabanggit si Magsaysay, nobenta-i-nuwebe porsiyentong mababanggit din si Claro M. Recto, ang "mapanganib" daw na kalaban ng Presidente sa darating na halalan.

At diyan na magsisimula ang mga debatihan — kani-kaniyang pagtatanggol sa "minamanok" na kandidato at pagtuligsa naman sa kalaban. Nguni't mangyayari pang natatapos lamang na nakabitin ang salitaan, sapagka't sa ngayon, ay wala pang makatitiyak kung sino nga sa dalawang malakas na kandidato sa panguluhan ang nakasisiguro sa darating na eleksiyon.

Nguni't... kung pagsasaligan ang reaksiyon ng mga tao sa lalawigan, hangga ngayon ay masasabing "napakabango" pa ng ating Presidente. Saan man siya magtungo, lalo na sa mga liblib na pook at nayon, ay dinudumog siya ng mga tagahanga. Halos iisa ang isinisigaw nang buong pagbubunyi: *"Mabuhay ang Pangulong Magsaysay!... Kay Magsaysay pa rin kami sa darating na halalan!...* At ang mga maka-Magsaysay ay napapalundag sa tuwa. Halos nakikinikinita na nila ang muling pag-upo sa "trono" ng kanilang Idolo.

Subali't kung ang galaw at mga bulung-bulungan naman ng maraming tao sa lunsod ang pagpapakuan ng pansin, mawiwikang marami ang nanghihinawa na sa Pangulong Magsaysay. Nais na nilang palitan ang kasalukuyang administrasyon na umano'y walang nagagawang lunas sa suliranin ng kawalang hanapbuhay at sa iba pang lalong malulubhang problema ng bansa. Ganyan din sa panig ng maraming pulitiko, matataas na pinuno ng pamahalaan at "may matataas na pinag-aralan", ang wika nga. May sarili silang mga matwid kung bakit dapat nang halinhan ang "Pangunahing Tao sa Malakanyang", na sa ganang kanila'y "lumipas na ang tagiay na kabanguhan."

Kung pagbabatayan nga ang reaksiyon ng mga tao tungkol sa dalawang mahigpit na magkatunggali sa panguluhan ng ating bansa, walang makahuhula kung sino ang "magyuyuko ng ulo" sa darating na Nobyembre. Kaya, sa ngayo'y wala pang tiyakang makapagsasabi na "walang talo" ang kanyang kandidato. Isang kabaliwan lamang ang pagsasabing "nakasisiguro" si Magsaysay, o si Recto. At huwag tayong magpakabaliw sa ano mang kaparaanan.


Samantala, nakatitig ang bayan sa darating na halalan, na siyang magpapasya at hahatol sa kapalaran ng sinusubaybayan nating mga lider ng bansa...

MAGASIN NG BAGONG Buhay

Lumalabas tuwing Linggo ng umaga na kalakip ng pahayagang BAGONG BUHAY.
Tanggapan at pasulatan: 209 Sampaloc Avenue, Lunsod Quezon.
Namamatnugot: EDDIE RASOLA
Kagawad: GREGORIO R. FLORENCIO Sa sining: PETE VENEZUELA

25-1

Masdan...



ANG DAIGDIG SA PAMAMAGITAN NG MANINGNING AT MALUSOG NA MATA

ANG ARAW-ARAW NA PAGGAMIT NG ILANG PATAK NG





EYE-MO

AY NAGDUDULOT NG KABABALAGHAN SA INYONG MGA MATA

1 Fl. oz. Contains: Chlorobutanol 1 gr.; Boric Acid 10 gr.; Berberine Sulphate 1/8 gr.; Zinc Sulphate 1/4 gr.

# mga BALITA sa LARAWAN



**SALAPING UMAABOT SA ₱6,000** ang ipinagkaloob ng Pangasiwaan ng Kagalingang Bayan noong ika-20 ng Pebrero sa mga naging biktima ng pananalakay ng mga Huk sa lunsod ng Kabanatuan. Makikitang iniaabot ng Tagapangasiwang Amparo Villamor ang isang tseke sa balong si Anatalia Bautista. Nakamasid ang Kalihim Balao ng Tanggulan.




**SAMPUNG ARAW PANG PALUGIT** ang ipinagkaloob ng Pangulong Magsaysay kay Maximiano Floresca na nakatakdang bitayin noong ika-25 ng Pebrero. Ang sampung araw na pagpapaliban sa pag-upo ni Floresca sa "silya ng kamatayan" ay iginawad ng Pangulo matapos mabatid ang mabuting paglilingkod niyon sa hukbong sandatahan. Ang nangakaupong nagsisiluha ay sina Paulina at Leovigildo Floresca, kapatid at ama ng bilanggo.

**ANG UNANG GINANG NG BANSA,** Gng. Luz B. Magsaysay (ikatlo mula sa kanan) samantalang sakay ng isang bangka nang dumalo sa isang pagtitipon sa karangalan nina Kongresista at Gng. Erasmo Cruz, na ginanap sa palaisdaan ng mga Halili sa Bakawe, Bulakan. Kasama sa larawan sina Sen. Francisco Rodrigo, Gng. Jose Bernardo at Kapt. Herminigildo Abaya.




**NANG MAGANAP ANG MALAKING SUNOG** sa North Harbor ay madaling nagtungo roon ang Pangulong Magsaysay at nagkaloob ng tulong na salapi sa mga nasunugan. Sinabi niya sa mga nangawalan ng tahanan na bumuo ng isang lupon upang makipagpulong sa kanya hinggil sa dagliang pagpapatayo ng bahay para sa mga biktima.




YCO makes the beautiful difference!



for exteriors...



or interiors —




You paint better for less — with YCO

ELIZALDE PAINT & OIL FACTORY INC.



**Ang nagdaang mga baha sa Mindanaw, Kabikulan at Hilagang Luson noong 1956 ay puminsala ng maraming buhay at ari-arian, katulad ng ginawang pamiminsala ng ibang sakunang tulad ng sunog, bagyo at lindol. May 36,982 mag-aanak na binubuo ng 152,121 katao ang natulungan ng Krus na Pula sa ganyang mga pagkakataon. Sa larawan sa kaliwa ay makikita ang mga taong naging biktima ng sunog na nagsisitanggap ng panaklolong pagkain buhat sa mga tauhan ng Krus Roha.**

# Ang KRUS NA PULA Ng Pilipinas

MATAPOS isatagdan ang bandilang Pilipino na kahanay ng animnapu't apat na iba pang watawat ng iba't ibang bansang kasapi sa Samahan ng Krus na Pula sa daigdig, tandang ang Pilipinas ay kaanib na ng Liga, si Gng. Aurora Aragon Quezon, kauna-unahang tagapangulo ng Pambansang Krus na Pula sa Pilipinas, ay humarap sa mga panauhing nagkakatipon noon sa marangal na seremonya sa Malakanyang at nagwika:


"Ipinangangako namin ang pinakamabuting magagawa ng Pambansang Krus na Pula ng Pilipinas tugod sa makabuluhan at matalinong paglilingkod sa aming bayan..."

Ang pagtitipong yaon ay ukol sa pagpapasinaya sa Pambansang Krus na Pula ng Pilipinas, na ngayon ay isa nang samahang nagsasarili at hiwalay na sa Pambansang Krus na Pula ng Amerika. Noon ay Abril 15, 1947 at ngayon ay magsasampung taon na ang nakalilipas.

At pagkaraan nga ng sampung taon, napatunayan nating ang Pambansang Krus na Pula ng Pilipinas ay na sa katayuang nangunguna sa mga samahang ukol sa mga kagalingang-pambayan — at

FORMULA—EACH TABLET CONTAINS: MAGNESIUM HYDROXIDE .300 GM.

ANONG LAKING GINHAWA!



Isang pagaksaya ang kumain ng dalian,
Pagkain at lakas ay kapwa nasasayang.


At kung dumaranas ng di pagkatunaw,
Walang sigla, hapo pati pakiramdam.

Sa Tabletang Phillips, lunas makakamtan,
Kayo'y sasangayon pag 'yong sinubukan!

25-5


Kung ang pagkain at paginom ay maging labis at humina ang inyong panunaw, humingi ng tabletang PHILLIPS MILK OF MAGNESIA. Kayo'y masisiyahan sa taglay nitong lasang kanais-nais na nagdudulot ng mabilis na ginhawa sa pangangasim at panghahapdi ng sikmura, kabag at iba pang kaligaligan sa inyong tiyan. Subukan... at tingnan kung bakit angaw-angaw na tao ang umaasa sa tabletang PHILLIPS.

Bago! Tabletang PHILLIPS, ang hirang ng daigdig, pinakamabilis magsaayos ng masamang sikmura na ngayon ay nasa magaang na paketeng "cellophane". Kahanga-hanga para sa inyong lukbutan o hanbag . . . At matipid pa. Lunukin ano mang oras, kahit saan. Ito'y basta nalulusaw sa inyong bibig.




PHILLIPS' TABLETAS A MILK of MAGNESIA

Bahagi ng ginagampanang papel ng Krus Roha ang pagbibigay ng karampatang tulong sa iba't ibang sangay ng pamahalaan. Ito'y nagpapatunay na hindi lamang mga karaniwang mamamayan ang tinatangkilik ng Krus na Pula kundi maging ang mga tumatangkilik din at nangangalaga sa mga taong-bayan.



Ang kilusan ng Samahan sa pagtuturo sa mamamayan ng mga pamamaraang-pangkaligtasan ay mabilis na lumaganap, at umabot sa 11,272 katao ang nagsipagtapos na may sapat na kaalaman sa iba't ibang kurso noong 1956. Ang mga ginang sa larawan ay nangatuto ng pagbibigay ng pangunang-lunas o first aid, na isang bahagi ng kampanya ng Krus Roha upang maimulat ang mga mamamayan tungo sa "ligtas at wastong pamumuhay".



Ang palatuntunan naman ng Junior Red Cross para sa mga batang nagsisipag-aral ay binubuo ng pagtulong sa mga nangangailangan, pagpapabuti ng pampurok na kalusugan at pagpapaunlad ng paggalang at pag-unawa sa mga mamamayan ng daigdig. Makikita ang ilang kinatawan ng JRC samantalang nagsisiganap ng kanilang tungkulin sa mga batang pasyente sa National Orthopedic Hospital.



—MAGASIN NG BAGONG BUHAY

**GAYA NG SINABI NI GNG.**

**KRUS NA PULA NG PIL**

siyang nagsilbing pangunahing sandata natin laban sa paghihikahos at pagdurusa.

Sa loob ng sampung taon ay napatunayan ang katatagan ng Krus na Pula sa pagtupad ng kanyang dakilang layunin. Hindi siya nagpabaya sa paghahandog ng tulong sa mga taong inabot ng mga sakunang nalikha ng bagyo, baha, pagsabog ng bulkan, sunog at iba pang mga kapahamakang nagbanta sa kapanatagan, kaligayahan at buhay ng mga nilikhang itong tanging sa kanyang tulong umaasa.

Sa gayon, pagkatapos ng mga taong iyan, ang pagtitiwala ng mga mamamayan at maging ng ibang mga samahang pangkawanggawa ay lalong nagtumibay. Lubos nilang pinagtiwalaan ang kakayahan ng Krus na Pula sa pagtupad sa layuning tumulong sa mga nangangailangan.

Nagsimula sa dating



Muling dumanak ang dugo sa Korehidor noong "Araw ng Bataan", nguni't hindi na dahil sa digmaan. Ang pag-aabuloy ng dugo na ginanap sa tunel ng Malinta at inihandog ng mga beteranong Pilipino at Amerikano ay isa lamang sa mahahalagang bagay na isinakatuparan ng Krus na Pula noong 1956. Sa abuluyang ito ay nakalikom ang Pambansang Krus na Pula ng Pilipinas ng 39,000 botelya ng dugo na ipinamudmod naman ng Banko ng Dugo ng Krus Roha at nakapagligtas sa 22,000 may malulubhang karamdaman.



Ang Volunteer Corps Special Services ng Krus na Pula, na kinauukulan ng mga naghahandog ng kusang paglilingkod, ay may malaki ring naiambag sa layunin ng Samahan noong nakaraang taon. Ang mga tinaguriang "Gray Lady" na nangakalarawan sa ibaba ay nagsisipaglingkod nang walang bayad sa mga pagamutang-pambayan.



**AURORA QUEZON MAY SAMPUNG TAONG NA ANG NAKALIPAS, ANG IPINAS AY NAKATUPAD SA MGA DAKILANG LAYUNING PAMBAYAN**

anim na tuntunin at pamamaraan sa paglilingkod ng Krus na Pula — pagsaklolo sa mga inaabot ng sakuna, panggagamot, kagalingang-panghukbo, pangangalaga sa mga maysakit, paglilingkod na pantahanan, at ang *Junior Red Cross* — ang gawain Krus na Pula ay lumawak pa hanggang sa makarating sa ibang larangang lubhang kailangan ng sangkatauhan. Noong 1948 ay sinimulan ng Krus na Pula ang palatuntunan sa dugo na ngayon ay matataguriang nang isang institusyon. Noong 1951 ay pinasimulan naman ang palatuntunan sa ganap na pagtuturo ng mga pamamaraang-pangkaligtasan, at natatag ang palingkurang - pangkaligtasan bilang hiwalay na kagawaran. At noong 1952 ay itinatag naman ang *Volunteer Corps-Special Service.*

Ngayon, mayroon nang 55 panlalawigan at panlunsod na mga sangay ng Krus na Pula na nagmula sa bilang na 36 lamang. Bilang karagdagan ay nagkaroon na rin ng anim na malalaking sangay at tanggapan. Nakapagtayo na rin ang Krus na Pula ng limang pampurok na bangko ng dugo at 24 na himpilang na sa mga pook na maraming naninirahan at madaling mararating ng mga mangangailangan ng saklolo. May 36,000 pinasasahod na mga kawaning nakatalaga sa lahat ng panig ng kapuluan, ang Krus na Pula ay may mga kawani pa ring umaabot sa kalahating milyon na kusang-loob na naglilingkod nang walang sahod.

At sa tulong ng matapat na hangaring makapagkawanggawa ng mga Pilipino, ang Pambansang Krus na Pula ng Pilipinas ay nakatupad sa sinabi ng yumaong Gng. Aurora Aragon-Quezon na "...pinakamabuting magagawa ng Pambansang Krus na Pula ng Pilipinas tungod sa makabuluhan at matalinong paglilingkod sa aming bayan..."

Nang ibunsod ng samahan ang unang taunang kampanya sa pangingilak noong 1947, nagkaroon ng pagkakataon si Gng. Quezon na muling bumigkas ng mahahalagang katagang ito: "Ang ating malayang Pambansang Krus na Pula ng Pilipinas ay umaasa sa kusang-loob na tulong ng mga mamamayan. Kailangan nito ang inyong tulong, ang aking tulong at ang kanilang tulong. Kung wala ang mga ito ay hindi kami makapagpapatuloy..."

Sa diwa ng pangungusap na iyan ng isang dakilang babae ng bansang Pilipino nasasalalay ang patuloy na paglilingkod sa sangkatauhan ng Pambansang Krus na Pula ng Pilipinas! (X)


ALHAMBRA BLANCO

Ang Popular Na Sigarilyo




Ang aming mahigit sa 50 taong karanasan, at ang paggamit namin ng pinakamakabagong makinarya sa paghahanda ng tabako sa paggawa ng mataas na uring tabako at sigarilyo ay ang inyong katunayan ng dinapapantayang kasiyahan sa paninigarilyo.

Alhambra CIGAR AND CIGARETTE MFG. CO.
31 TAYUMAN, MANILA • TEL. 2-98-96

# Sining ng Kasiya-siyang Pamumuhay

ni Maria Salome Tonsay

### HINDI INAASAHANG MGA PANAUHIN

(*Ni Maria Jale Martinez ng Libby*)

Kahit na sinong ina ng tahanan ay malilito kung biglang dumating sa kanila ang ' mga panauhing hindi inaasahan na dala ng kanilang kabiyak o mga anak.

Hinihingi ng tuntunin ng magandang asal na ang sino mang panauhin, kahit hindi inaasahan, ay dapat salubungin at pakiharapang mabuti ng may-bahay hanggang sa abot ng kanyang kaya.

Anu-ano ang lihim ng pagiging laging handa ng isang maybahay kahit biglang dumating ang mga panauhing hindi inaasahan? Narito ang ilang tagubiling dapat sundin upang hindi sapitin ang pagkagahol, oras na dumating ang ganitong pagkakataon:

*Laging maayos na katawan*: Ang pagiging laging maayos at kagiliw-giliw ay hindi kung gaano kayo kaganda kung dumadalo sa mga pagtitipon, kundi kung ano ang inyong ayos kung kayo'y dinaratnan ng iba sa inyang tahanan. Dahil sa ang pag-aayos ng katawan ay mahirap na laging harapin kung maraming gawain sa araw-araw, lalo na kung kayo ang nagluluto, naglalaba, nag-aalaga ng bata o naghahalaman, gumamit ng *gloves* at *apron*. Sa ganyan ay mapangangalagaan ninyo ang kaayusan ng inyong katawan kahit na tambak ang inyong gawain.


*Laging malinis na tahanan*: Ang silid na tanggapan ng panauhin ay dapat maging laging malinis, na hindi ikahihiya kung biglang dumating ang mga panauhin.

Isang bagay ang inyong idaraing kung maraming bata sa tahanan na ginagawang laruan ang silid na tanggapan ng panauhin. Nguni't kung sakali mang maratnan ng mga panauhin na magulo ang bahay dahil sa mga bata, huwag kailan man hihingi ng paumanhin ukol sa kaguluhang ito. Kapag ginawi ang paghingi ng paumanhin, ang lahat ng kalat na na sa paligid ay lalong madaling mapapansin.

*Mabuting pagtanggap*: Tanggapin ang mga panauhin sa magiliw na paraan sapagka't ang mabuting pakita sa kanila ay higit na di nila malilimutan kaysa sa mga bagay na pagkukulang ninyo sa hapag-kainan.

Sa pakikipaghuntahan, iwasan ang pag-uusap tungkol sa mga gawaing pantahanan, o mga suliranin ng pamilya, na siyang kinayayamutan ng marami. Mabuting pakita at masayang pakikipag-usap ang magpapaligaya sa lahat at sa paraang ito ay makadarama ng kaginhawahan at kasiyahan na parang na sa sariling tahanan ang mga panauhin.

*Laging maghanda ng pagkaing de-lata sa tahanan*: Ang mga pagkaing de-lata ay maaaring mapasarap at maging katakam-takam na hain para sa mga hindi inaasahang panauhin sa pamamagitan ng pagdaragdag ng kaunting gulay, lutuing tortilyas o kaya'y salmon. Ililigtas kayo nito sa pagkabalisa sakaling masubukan kayo na hindi nakakapamalengke.



"Victoriana" ang pangalan ng disenyong ito ng doily na yari sa ginantsilyong sinulid at angkop gamiting palamuti sa ibabaw ng mesa, tokador at eskaparate.

## Mga Suliranin ng Puso

*BINIBINING MARISSA: Ako po'y isang binatang may 23 taong gulang at na sa ikaapat na baytang ng komersiyo. Nakakilala ko po ang isang dalagang may 15 taong gulang na ang tinitirhan ay malapit sa aking pinangangaserahan. Nagpupunta po siya sa aming lugar upang manghingi ng bulaklak. Nakagiliwan ko po siya, hanggang sa hindi ko na napigilan ang aking sarili at sinulatan ko siya. Pagkaraan ng walong sulat ay "tinanggap" niya ako at tiniyak sa aking minamahal din niya ako. Hindi ko tinangkang katagpuin siya sa labas dala ng kabataan ng kanyang gulang. Gayon pa man, minsan ay inanyayahan ko siya sa isang pagdiriwang na aking dadaluhan. Pumayag naman siya nguni't natatakot na magtapat sa kanyang mga magulang kaya ako ang nagsadya at siyang nagsabi sa kanyang ama't ina hanggang sa imungkahi ko pang pasamahin ang ibig nilang pasamahin sa amin. Sa sayawan ay wala kami halos pinalalampas na tugtog. Minsan ay hiniling kong marinig sa kanyang labi ang katapatan ng kanyang pangako at hiniling kong patunayan sa akin, at ang gayo'y kanyang ikinagalit. Sa ginawi ko'y humingi ako ng paumanhin nguni't ang lahat ng pagsisikap ko'y nawalan ng kabuluhan. Hanggang ngayon ay may sampung liham na ang naipadadala ko sa kanya nguni't ni minsan ay hindi niya ako tinugon. Ano po kaya ang nararapat kong gawin? Kailangang bawiin ko po kaya ang lahat kong liham sa kanya? —ROSAURO.*


ROSAURO: Ano ang mahahanap mo sa isang babaing ikaw na ring iyan ang nagsasabing napakabata? Kahit na ano ang ..bihin mo'y 15 taon lama..g siya. Ang mga baba-

(*Buklatin sa pah.* **20**)



# moda

pitak ni marissa



kung ganitong tag-araw, marami ang nagtutungo sa mga baybay-dagat upang maligo. marami rin naman ang nagpipinik sa malalamig at mahanging pook. nguni't maging sa ganyang mga pagkakataon, hindi nawawala ang moda sa mga kasuotang naaangkop gamitin. ipinakikita ng mga modelong sina lydia antonio, norma medina at dolly collas ang ilang kasuotang nababagay gamitin, lalo na ng kadalagahan, sa nabanggit na mga pagkakataon.



SA KABILA NG KASAHULAN SA MARAMING BAGAY AT SA MAHIGPIT NA KUMPITENSIYA NG MGA PELIKULANG DAYUHAN AY HINDI MAIKAKAILANG MABILIS AT PATULOY NA...

# UMUUNLAD ANG PELIKULANG PILIPINO, SUBALI'T...



Si Abugado Manuel de Leon, pangkalahatang tagapamahala ng LVN, samantalang kinakapanayam ni Henry Hartzenbusch (kanan) ng Associated Press Manila Bureau at ng manunulat na si D. Paulo Dizon tungkol sa malaking kaunlarang tinamo ng industriya ng pelikulang Pilipino.






MAY mga dalawampung taon ang nakararaan, ang pelikulang Pilipino ay na sa kalagayang "napakahina" na di maiaagapay, kahit sa salita, sa mga pelikulang yari sa ibang bansa. Katunayan, hindi lubhang nagugustuhan ng mga manonood ang mga pelikulang sarili na itinatanghal noon sa ating bayan, kaya kung hindi man nalulugi ang isang samahan sa ginagawang pelikulà, ay nakasasambot-puhunan lamang, ang wika nga. Bihira ang pelikulang kumikita noon nang malaki at kasiya-siya para sa kinauukulang estudyo. Dahil diyan, bagaman maraming masalaping mamumuhunan ang nakapalaot sa pangangalakal, hindi lubhang mapagbuhusan ng pansin ang industriya ng pelikulang sa ating bansa.

Nguni't sa pagdaraan ng mga taon, dahil sa pagsasakit ng ilan nating kababayan na nagkaroon ng malasakit na mapabuti at mapaunlad ang industriya ng pelikulang tagalog, ay unti-unting nakabangon ang industriyang ito sa kanyang pagkakalugmok, hanggang sa dumating ang isang panahong ang pamantayan ng pelikulang Pilipino ay maiagapay sa mga pelikulang yari sa ibang bansa.

Sa kasalukuyan, ang mga pelikulang Pilipino ay hindi na nakahihiyang itanghal maging sa kabilang ibayo ng dagat. At dito sa Pilipinas, ang mga pelikulang sarili ay nakikipag-agawan na sa mga pelikulang dayuhan, kung hindi man masasabing nakahihigit sa uri at sa kaganapan ng pagkakayari.

Isang katunayan na ang mga pelikulang gawa sa Kapuluan ay umabot sa isang pamantayang ikararangal ng mga Pilipino ay ang pagtatamo ng karangalan ng ilan nating pelikula sa mga timpalak sa Timog-silangang Asya. Mababanggit ang "Ifugao" ng Premienre Production na nagkamit ng "Golden Harvest Award" at ang "Anak Dalita" ng LVN na nahirang na pinakamahusay na pelikula sa Southeast Asia Film Festival.

Isa pang katunayang ang pelikulang Pilipino ay lubhang malaki na ang iniunlad kung ihahambing sa dating kalagayan ay ang katotohanang maraming pelikulang gawa sa Kapuluan ang kumikita nang malaki sa ibang bansa. Di na mabilang na pelikulang Pilipinong itinanghal sa kabilang ibayo ng dagat ang nagpanhik ng malaking pakinabang sa kinauukulang mga samahan. Hanggang ngayon, ilang pelikulang di pa natatagalang nilikha ng ilang estudyo sa Kapuluan ang patuloy na umaani ng salapi sa mga karatig-bansang pinagtatanghalan. Mababanggit ang "Krus na Kawayan" ng Manuel Conde Production, ang "Ikaw Kasi" ng LVN at ang "Hongkong Holiday" ng Sampaguita na higit na dinaragsaan ng mga manonood sa pinagtatanghalang mga bansa.

Lubhang malaki na nga ang iniunlad ng industriya ng pelikulang Pilipino, na siyang nagbibigay ng lakas ng loob sa ating mga mamumuhunan upang pumalaot sa industriyang ito.

Sa kasalukuyan, ilang pelikula ang ginagawa at natatakdang gawin sa layuning ipamahagi sa ibang bansa. Ang "The Day of the Trumpet" ng C. H. Santiago Film Organization ay nakatakdang itanghal sa may 4,000 sinehan sa Amerika kung hindi magkakaroon ng malubhang kadahilanan o balakid. Ang ilang pelikulang ginagawa ng Everlasting Pictures, Sampaguita, Premiere, People's Pictures, Manuel Conde Productions, Tamaraw Studios at iba pang samahan ay may ganyan ding layunin. At dapat lamang asahang magtatagumpay ang kanilang hangarin kung pagbabatayan ang mga nabanggit na katotohanan tungkol sa maunlad nang kalagayan ng industriya ng pelikulang Pilipino.

*Ibang-iba na Kaysa Rati...*

Ang malaking iniunlad ng pelikulang Pilipino at ang pagsapit sa isang mataas na pamantayan ay utang sa maraming bagay. Una, dahil sa lubos na pagtulong ng pamahalaan sa pagbibigay kaluwagan sa mga pangangailangan ng ating mga estudyo at sa pakikiisa sa pagpapalaganap o sa anomang kilusang may kaugnayan sa pagpapaunlad sa ating industriya ng pelikula. Ikalawa, ang ginagawang pagtangkilik na ng marami nating kababayan sa sarili nating mga pelikula, na di gaya noong mga nakalipas na panahon. Ikatlo, ang pagsisikap ng mga istudyo, direktor, artista at iba pang tauhan ng ikapitong sining upang madulutan ang mga manonood ng mga pelikulang tumutugon sa kanilang panlasa.

Ibang-iba na kaysa rati ang kabuuan ng mga pelikulang gawa sa ating bansa. Ang mga pinuno ng ating mga estudyo ay nagsisikap na maihandog sa bayan ang lahat nang kabaguhang kinakailangan sa pagtatanghal ng mga panooring naaangkop sa panahong ito. Ang mga direktor ay gayundin. Sinisikap ng mga direktor na bumago sila ng paraan sa pamamahala sa isang pelikula, hindi na gaya nang dating basta makatapos lamang at tumanggap ng kaukulang sahod o kabayaran kahit na manatili sa makalumang pamamaraan ng pagdidirihe ng pelikula. Ngayon ay sinisikap nila, una sa lahat, na makatugon sa kagustuhan ng bayang tagatangkilik at makapagbigay - kasiyahan sa madlang bumubuhay sa industriya ng pelikula, ka-



Sinulat ni
**P. S. ARGUELLES**

hit na sila mamumuhunan ng malaking pagod at panahon. Ang ating mga manunulat ng kasaysayang pampelikula ay may kaiba na ring patakarang sinusunod. Marami sa ating mga manunulat ang bumibitiw na sa pagkatha ng mga kasaysayang pinuputik na ang buhay na inilalarawan at sinisikap nilang hangga't maaari ay maitaas ang uri ng kuwentong Pilipino. Ang ating mga artista ay ibang-iba na rin kaysa rati kung "magsikilos" sa harap ng kamera. Bukod sa salaping tinatanggap nila bilang kabayaran ay inaalagata nila ang kanilang magiging kalagayan sa paningin ng mga kritiko sakaling itanghal na ang nilabasan nilang mga pelikula. Pinangangalagaan nila ang kanilang pangalan at sinisikap nilang maitaas ang uri ng sining na kanilang kinabibilangan. Dahil diyan, kaya ang mga pelikulang gawa sa ating bansa ay malaki nga ang iniunlad at patuloy na umuunlad.

*Higit na Maitataas ang Uri at Pamantayan...*

Subali't sa kabila ng nabanggit na mga kaunlarang sinapit ng pelikulang Pilipino ay may mga kapintasan at kasiraan pa ring matutukoy na kung pag-aaralan lamang mabuti ay lalong makapagtataas sa uri at pamantayan ng mga pelikulang gawa sa ating bansa. Dapat itong pag-ukulan ng pansin ng mga kinauukulan. sa lalong ikauunlad ng industriya ng pelikulang Pilipino.

Hanggang ngayon, may mga direktor na tila nagpapabaya at walang ingat sa pamamahala sa isang pelikula. Gayon din ang ilang artista, na kung minsa'y kumikilos nang lubhang alangan sa papel na kanilang ginagampanan, bagay na nakasisira sa kagandahan ng isang pelikula. Kung pag-aaralan lamang mabuti at sisikaping malunasan, higit sanang maitataas ang pamantayan ng pelikulang Pilipino hindi lamang sa sarili nating bayan kundi maging sa paningin ng ibang bansa.

Sa mga pelikulang gawa dito sa atin ay mapapansin ang ilang bagay na di maipagwawalang - bahala. Makakapanood tayo ng mga pelikulang ang kabuuan ng kasaysayan ay hindi naaangkop sa mga tauhang nagsisigalaw. Makakapanood tayo ng mga pelikulang binubuo ng mga tagpong hindi kapani-paniwala at talagang ano man ang gawin ay hindi mangyayari sa tunay na buhay o sa kasaysayang pinagbabatayan.

Sa maraming pelikulang ang ilan ay katatapos pa lamang itanghal sa mga pangunahing dulaan sa lunsod ay mapapansin ang mga sumusunod:

Katatawanan ang istorya. Isang pangkat ng kabataan ang nagtungo sa isang bayan upang magaliw-aliw, ang wika nga. Isang gabi, nagnakaw ng kabayo't karitela ang pangkat upang magamit sa pamamasyal. Nakakawala ang kabayo at nagkakagulong hinabol ng pangkat. Nakapagtatakang ang lahat ay nagsipasok pa sa silong na sinuot ng kabayo, gayong natatakot silang baka may makahuli sa kanilang kabulastugan. At nakapagtataka ring wala namang nagising na sino man sa mga maybahay sa malakas na salitaan at ingay na nalikha ng barkada, ilang hakbang lamang ang layo ayon sa ipinahihiwatig ng pintuang na sa harapan lamang halos ng pangkat. Buhat sa simula ng istorya hanggang sa magwakas, ay mapapansin ang marami pang di kapani-paniwalang mga pangyayari sa hangad lamang na maging katatawanan ang tagpo. Bukod diyan ay hindi na yata napansin ng direktor, o kusang kinaligtaang pansinin, ang mga taong napapasama sa dakong likuran ng kuwadro Kitang-kita ang mga taong nangakatingin sa kamera at sa mga artistang kinukunan ng pelikula sa lahat halos ng tagpo ng kasaysayan. Ang gayon ay lalong nakasira sa kagandahan ng pelikula, kung masasabi mang maganda, dahil lamang sa kapabayaan at kawalang-ingat ng direktor na wala marahil na sa isip kundi ang patawanin ang mga manonood. Nguni't naito ang tanong: ang isa bang pelikulang katatawanan ay hindi magagawang katawa-tawa kung hindi papasukan ng mga tagpong imposible at hindi kapani-paniwala?

Naito pa ang isa: Malungkot naman ang kasaysayan ng pelikula at ang mga tagpo ay halos pawang kuha sa isang tahimik na nayon. Nagkaroon ng di pagkakaunawaan ang bida at ang kontrabida (mangyari pa) at nagsuntukan. Hindi naman kuwento ukol sa mga engkanto o duwende, nang suntukin ng bida ang kontra-bida ay lumipad na paitaas at napasabit sa sanga ng isang punongkahoy! Aywan kung bakit ipinasok ng direktor ang gayong tagpo, gayong seryong-seryo ang takbo ng istorya. At iyan ang nakasira nang malaki sa maganda namang kasaysayan.

Sa isa pa: Ang kasaysayan ng pelikulang ito ay seryo rin, at tungkol sa isang asawang inaapi ng biyenang babae. Maganda ang istorya at talagang nakakatulo ng luha. Patuloy ang takbo ng kasaysayan... nguni't biglang-bigla, sa dakong gitna ay ipinahiwatig na ang panahong kinaganapan ng unang kalahati ng kasaysayan ay panahon ng hapon. Wala namang ipinakita man lamang na isang tagpo, o isang pangyayari, o isang tanawin kaya na panahon nga ng hapon ang ipinahiwatig na panahon. Nakalimutan marahil ng direktor, o nakaligtaan dahil sa pagpapabaya.

Ito pa ang isa: Makatotohanan din ang inilalarawang kasaysayan. Sa isang pangyayari, hinabol ng masasamang-loob ang bidang babae. Ipinahiwatig na pagod na pagod na ang babae at halos mawalan na ng malay-tao sa kapaguran. Lima-limang lalaking malalakas ang humahabol at ipinakikitang mga ilang dipa na lamang ang layo sa hinahabol, nguni't hanggang sa matapos ang tagpong iyon ay hindi inabutan ang babae. Aywan kung ano ang nangyari, nguni't


(*Buklatin sa pah.* **20**)



**Nang tinatanggap ng bituing si Rosa Rosal buhat kay Kongresista Floro Crisologo ang sertipiko ng karangalan bilang "Artistang Babae ng 1956" na ipinagkaloob sa kanya ng Federation of Business and Professional Women's Clubs noong ika-15 ng Enero.**



**Si Dr. Jose Perez, pangkalahatang tagapamahala ng Sampaguita Pictures, sa piling ng isang kabigang Intsik. Ang Sampaguita ay nakatakdang mamahagi ng mga pelikula sa ibang bansa sa pakikipagtulungan ng isang samahan sa Hongkong.**

**MARUPOK ANG PAGTITIWALA SA KANYA NG KANYANG ASAWA NGUNI'T ISANG GABING UMUWI SIYA AY MAY NABABAGONG TANAWING NAGPAHIWATIG NG MAGANDANG KATOTOHANAN . . .**

# Pagtitiwala

ni cresencio ger. clemente

NANG nangakaraang hapon, at hanggang kahapon ng hapon, kaya doon sa sulok ng restawrang iyon laging lumilikmo si Dardo ay sapagka't malimit na napag-iisa siya roon. Ayaw niyang isipin ng makapupuna sa kanyang paglalasing na siya ay isang bigo, na ang kakabigua'y nalilimot niya sa paglalasing.

Nguni't ngayon, sa paglikmo niya sa sulok na iyon ay hindi upang mapag-isa ang kanyang hangad. Hindi rin upang magpakalasing sa serbesang idinudulot sa kanya ni Marcy.

—Ito rin bang dati, Dardo?

Napaangat ang kanyang paningin. Higit kailanma'y ngayon naging lalong malambing sa kanyang pandinig ang tinig na iyon. At una niyang napuna ang matamis na ngiti ni Marcy, pagkatapos ay ang mga bote ng serbesang dala nito.

—Ibig mo bang malasing ako? —tanong niya.

—Ang tungkulin ko rito'y magsilbi lang, at hindi ang gumusto o umayaw sa paglalasing ng aming mga suki.

Napangiti si Dardo sa pagbibiro ni Marcy. —Nalasing nga ba ako kagabi, Marcy? —tanong niya.

Umupo ang tagapaglingkod sa likmuang katapat ng inuupan niya matapos ilapag sa mesa ang mga bote ng serbesang hindi pa nabubuksan. —Sobra nga ang pagkalasing mo kagabi kung gano'n.



—Bakit?

—Ipinahatid ka lang namin, a.

—Nang magising ako'y masakit na masakit ang katawan ko. Pero ngayo'y hindi na 'ko maglalasing. Kape na lang ang ibigay mo sa 'kin.

—Bakit ka nga ba naglalasing, Dardo?

Bahagyang napapitlag ang tinanong. —Uunawain mo ba 'ko kung sabihin ko sa 'yo?

Umilap ang mga mata ni Marcy, at tumayo ito.

—D'yan ka na muna't kukunin ko'ng kape mo.

—Balisa si Marcy. Sinamsam nito ang mga bote ng serbesang nangakalapag sa mesa at tumalikod

—Iniiwasan mo ako, Marcy. Dahil ba sa ako'y may-asawa na kaya...?— Nang hindi siya pansinin, ng dalaga ay bahagya niyang inilakas ang kanyang tinig. —Magbalik ka agad, Marcy.

Lumingon si Marcy. Ngumiti ito, at tumango.

Unti-unting nawala sa kanyang pandinig ang yabag ng mga sapatos ni Marcy. At ang paglayong iyon ng dalaga ang minsan pang nagbalik sa kanya sa kanyang sarili. Isang pagbabalik na sinalubong ng alaala ng kanyang kabiguan.

Iniibig niya ang kanyang asawa, si Linda. Iniibig din siya nito. Nguni't nang malao'y nakilala niyang ang iniibig lamang sa kanya ni Linda'y ang magandang bahagi ng kanyang buhay.

Ikinasal silang kapuwa umaasa sa maganda nilang hinaharap. Subali't ang magandang hinaharap na iyo'y hindi dumating, sapagka't sa unang araw pa lamang ng kanilang pagsasama ay nahayag ang pangit na katotohanang pinipilit niyang ikubli sa kaalaman ni Linda, sapagka't hubog sa makalumang ugali si Linda.

Labis na kinatakutan ni Linda ang katotohanang iyon.

—H'wag kang mag-aalaala, —sumasamo niyang alok kay Linda. Tinangka niyang pahirin ng kanyang panyo ang mga luhang gumugulong sa magkabilang pisngi ni Linda nguni't pinalis nito ang kanyang kamay. —Totoong ang aking lolo at ang aking ama ay walang iisang sumpa sa babaing kanilang pinakasalan. Kapuwa sila makalupa, at may matitigas na pusong hindi nababagbag ng luha ng aking Lola at ni Inay. Nguni't ako'y isa sa mga namumuhi sa kanilang kahinaan, Linda. At isinusumpa kong ikaw lang ang iibigin ko.

—Hanggang bago lang 'yan, —tugon noon ni Linda. —Alam kong wala kang ikinaiiba sa mga pagmamanahan mo, kaya ngayon pa'y inihahanda ko na'ng sarili ko.

Iyon nga ang napuna niya kay Linda. Laging umaasa sa kanyang magiging pagbabago. Laging naghihintay sa hindi niya pag-uwi sa oras na kanyang kararatingan. Laging naghihinala.

Nang malao'y napansin niyang hindi na hinihintay ni Linda ang kanyang pagdating. Kung naglalamay siya sa kanyang pinapasukan ay ang kanyang ina ang nararatnan niyang naghihintay sa

*(Buklatin sa Pahina 19)*



# Isang Sulyap sa Kahapon

ni Francisco G. Gole Cruz



Inis na inis si Maria ko kay Virgilio. Hambog daw. Bastos. *Kanto-boy*. Lasenggo.

—Sa bigote lang, sumusulak na'ng dugo ko, —ang minsa'y sabi pa ni Maria ko, saka ibinuga ang sapa. —Pwe!

Mabigat din ang loob ko kay Virgilio. Lamang, hindi ako nagpapahalata. At alam ko, hindi sa akin ipinaririnig ni Maria ko ang gayong mga pintas niya kay Virgilio. Hindi rin sa mga mirong na sa aming tindahan. Batid kong sa aming anak na dalaga, kay Sedes. Subali't si Sedes ay ayaw kumibo. Kung ano ang na sa loob niya ay hindi ko alam. Nguni't ako'y kinakabahan, bagaman hindi ko maipaliwanag iyon.

Si Virgilio ay anak ni Kaibigang Ponso, ang kahahalal na alkalde ng bayan. Magandang lalaki si Virgilio. Mayaman. Gabi-gabi'y na sa tindahan namin at nakikipag-inuman ng alak. At madalas kaysa hindi, nahuhuli kong nakatingin kay Sedes.

—Maganda namang magdala ng bigote, oy, —sabi ko kay Maria ko. Hindi tapat sa loob ko ang sinabi kong iyon. Suya rin ako kay Virgilio. Nguni't si Sedes ang aking pinakikiramdaman. Ibig kong matiyak ang aking hinala. Ibig kong makita ang ikikilos ni Sedes. Nguni't wala akong napansing kahina-hinala kay Sedes.

—Nagagandahan ka pala sa may bigote. —Galit si Maria ko. —Subukin mong magpatubo. Tingnan mo kung di ko labrahin ang nguso mo. —Naghalakhakan ang mga miron sa aming tindahan. Pati si Ba Karyas na bihirang tumawa'y napahalakhak.

Natigil ang aming paguusap nang may *jeep* na biglang huminto sa tapat. Umaalimbukay ang alikabok.

Parang mga sundalong nagsibaba ang mga sakay ng *jeep*. Mabibilis. Parang may huhulihin.

—A, barkada ng anak ni Alkalde, —ang mahinang sabi ni Ba Karyas at nakita kong nag-inut-inot na siyang umalis. Alam ko kung bakit umalis si Ba Karyas. Suya siya sa barkadang iyon. Ang iba pang miron sa aming tindahan ay nagsialis din. Alam ko rin kung bakit. Sapagka't pag nakatuwaan silang painumin nina Virgilio at tumanggi ay alin sa dalawa: paliguan sila ng alak, o saktan.

Naunang lumapit si Virgilio sa tindahan. Hindi man lamang naisipang magbigay-galang sa akin o kay Maria.

—Barik tayo, Ka Indo. —At binalingan si Sedes. —Limang bote, Sedes, —ang pautos na sabi.

Sapat ang gayon upang maunawaan ni Sedes na hinyebra ang ibig sabihin ni Virgilio.

—Sapak sana kung may "aw-aw", —ang pumapalatak na sabi ng isa.

Binatukan ni Virgilio ang nagsalita. —Kaya ka nag-aamoy "aw-aw", e. —At muling binalingan si Sedes. —Saka apat na pusit, Sedes.

Inilapag ni Sedes sa mesita ang pitsel ng alak at mga baso. Bubulung-bulong naman si Maria habang nagpapalis ay alikabok sa mga garapon. Lumuwang-kumipot ang butas ng ilong.

Nakita kong sinalinan ni Virgilio ang isang baso at lumapit sa akin.

—Para sa inyo, Ka Indo, —sabi niya at iniabot sa akin ang baso ng marka-demonyo. Matalim ang irap na ipinukol sa akin ni Maria. Nguni't hindi ko matatanggihan si Virgilio, pagka't baka ako'y paliguan ng alak. Baka ako'y sikmuraan.

At ako'y uminom. Uminom nang uminom. Pikitmata, hanggang sa malasing. Nakatulog ako, kaya hindi ko matiyak kung anong oras umalis sina Virgilio. Hindi rin alam ni Maria. Nakatulog din siya. Hindi ko rin matiyak kung nagkasarilinan si Sedes at si Virgilio. Ang tangi kong natandaan ay limas ang alak at iba pang inumin sa aming tindahan.

KINABUKASAN ay ako ang nagtungo sa bayan upang bumili ng alak at iba pang *de-bote*. Samantalang naghihintay ako ng masasakyang papauwi ay sa-lalabas ang alkalde sa munisipyo. Nakatungo. Tila may iniisip. Nang mapatapat sa akin ay binati ko.

—Alkalde... —aniko. —Kaibigang Ponso.

Dati ko siyang kakilala. "Kaibigang Ponso" kung siya'y tawagin ko noong hindi pa nagiging alkalde. Nguni't nang mahalal ay binago ko ang tawag sa kanya. Ginawa kong Alkalde.

Nagtaas siya ng tingin at nang makita ako'y mahigpit na kinamayan. Iyon ang ikinapupuri ko kay Alkalde. Magiliw sa kapuwa. Mabait.

—Ikaw pala, Kaibigang Indo, —sabi niya, at niyaya ako sa restawran. —Magkape muna tayo.

Alam kong ayaw ni Alkalde ng mga inuming may alkohol. Kung bakit lamang nagkaanak siya ng may sugapa sa alak, wika nga.

—Mukhang may suliranin ka, Alkalde? —inantig ko sa kanya matapos siyang humingi ng kape.

Ngumiti siya. Pilit at tila nahihiyang tumingin sa akin.

—Tungkol sa anak ko, Kaibigang Indo, —sabi niya, —kay Virgilio. May binuntal na naman daw kagabi pagkapanggaling sa inyo. Madalas daw yatang nagagawi sa inyo.

—Aba'y madalas nga sa 'min, —pagtatapat ko.

Dumating ang hiningi niyang kape. Humigop siya. Humigop din ako. Ilang sandaling namagitan sa amin ang paikpik na katahimikan.

Pamayamaya'y bumuntong-hininga si Alkalde. —Hindi ba naman gumagawa ng gulo sa inyo? —tanong niya.

—A, e, paminsan-minsan, Alkalde.

Muling bumuntong-hininga si Alkalde. At natuklasan ko na lamang na ako'y matamang nakikinig sa kanya.

Hindi raw dating basag-ulero si Virgilio. Hindi dating hambog at lasenggo. Lalong hindi katutubong bastos. Mabuti lamang makisama; nguni't nagkamali sa pagpili ng mga kaibigan. Marunong. Nagtapos na may karangalan sa *high school* at na sa huling taon na ng abugasya nang iwan ang pagaaral. Nahilig sa barkabarkada.

—Ginawa kong lahat ang aking magagawa, Kaibigang Indo, —patuloy ni Alkalde. —Nakahihiyang sabihin nguni't totoo, na

(*Buklatin sa pah.* 17)

**Sadyang makapangyarihan ang pag-ibig—napagbabago maging ang nagbalantukan nang ugali ng isang tao!**




**Dahil sa panganib na kinasusuungan ng bayan, minarapat nina Tandang Andres na lisanin ang kanilang tahanan sa ibabaw ng gulod**

(Ika-7 Labas)

—BAKIT? —tanong ni Mario na hindi inaalis ang pagkakatitig sa mukha ni Linda.

—Nagsuka na naman si Inay... —sumisigok na tugon ni Linda. —Sumuka siya ng dugo. Dugong buhay!

—Nasaan? —Naghahanap ang tinging iginala ni Mario sa sahig.

—Nahugasan na ng Nanay mo.

—Mahiga ka uli, —sabi ni Aling Inggay kay Aling Sinay.

Inalalayan ng mag-ina ni Mario at ni Linda sa paghiga si Aling Sinay.

—Ano kayang oras na ngayon? —naitanong ni Mang Karyas.

—Madaling-araw na siguro, —tugon ni Tandang Andres.

Matagal bago nakatulog uli si Mario. Naririnig niya ang abut-abot na hingal ni Aling Sinay at ang pagdaing nito. May damdaming naglalatang sa kanyang katauhan. Para siyang maaaburido. At nadama niyang hindi pa rin siya nakalalayo sa mga pangit na isiping akala niya'y naiwan na niya sa kanilang pook sa Maynila. Sa naglalakbay na kamalayan ni Mario ay pumunit ang isang impit na hikbi. Inulinig niya iyon. At batid na niya: hindi pa rin nakakatulog si Linda; umiiyak ito.

HINDI gumaling si Aling Sinay. Malaki rin ang ipinamayat nito sa loob ng isang linggo pang nagdaan.

Ubos na ang bigas nina Mang Karyas, at dalawang araw nang nakikikain sila kay Tandang Andres.

—Huwag ninyong alalahanin 'yan, —anang matanda nang isang araw ay makarinig siya kay Mang Karyas ng pangungusap na naghahayag ng pagkahiya. —Yamang pisan-pisan na rin lamang tayo sa tahanang ito, ang akin ay inyo na at ang inyo naman ay akin na rin. Wala akong kamag-anak na malapit dito. Matanda na ako. At sino ang makapagsasabi? Maaaring magkasakit ako sa ibang araw, at kayo naman ang magsisilbi at magpapakain sa akin.

Sapagka't anihan na noon, isang araw ay lumabas ng paggapas sina Mang Karyas bagaman walang sinomang marunong gumapas sa kanila. Si Tandang Andres at si Aling Sinay lamang ang naiwan sa bahay.

—H i n d i bale, —ani Mang Karyas. —Matututo rin tayo. Panonoorin natin ang ginagawa ng iba at gayon ang ating gagawin. Matututo rin tayo. Walang hindi napagtitiisan ang tao.

Tigi-tigisang panggapas ang mag-anak. Magkatabi sa saklong sina Linda at Mario. Isa-isang uhay ang ginagawa nilang pagkitil ng palay. Naiinggit na pinanood ni Linda ang ibang mag-aaning malakas gumapas.

—Kung gayon sana tayo kalakas gumapas, —hindi napigilang sabi ni Linda kay Mario, —siguro ang dali nating makararami ng ani.

—Hayaan mo, —ani Mario, —isang linggo lang siguro'y gayon na tayo kalakas gumapas. —O, tingnan mo ako... —aniya pa at sinikap gagarin ang paggapas ng ibang marurunong.

—Siyanga. Marunong ka na nga yata.

Sinikap naman ni Linda na tularan si Mario. At napatawa si Mario nang makita ang ginagawa ng katabi. Napatawa rin si Linda nang makitang pinanonood siya ni Mario. N g u n i't pamayamaya'y napasigaw si Linda. Nang tingnan ni Mario ay nakita niyang hawak ang kaliwang kamay. May dugong tumutulo sa daliri ni Linda.

—Nataga ka ba? —tanong ni Mario at dali-daling nilapitan si Linda. —Kasi, ikaw... ginagaya mo agad ako, e...

Hindi malaman kung paano ang gagawin, nagpalinga-linga si Mario. Malayo sa kanila ang ginagapasan ng kanyang ama't ina.

Isang babae ang nakapansin sa kanila. Nilapitan nito si Linda. Pagkatapos ay pumitas ito ng mga dahon ng kung anong damo. Kinusot iyon at ipinigà sa sugat ng bata.

—Huwag ka nang umiyak, ineng, —wika ng babae. —Gagaling na iyang sugat mo.

—Huwag ka nang gumapas, —sabi ni Mario kay Linda. —Hindi mo maihahawak ng palay iyang kamay mo. Maupo ka na roon sa pilapil at bantayan mo na lang ang bunton ng mga ginapas ko.

Sinunod ni Linda si Mario.

Maraming mag-aani kaya hindi nagtagal ang gapasin. Nang magkatulong nang naglilikom ng ginapas sina Linda at Mario, napansin ng huli na ang ilan niyang bunton ay nakakasamang likumin ng isang batang lalaking nakatabi niya sa saklong. Dali-dali iyong nilapitan ni Mario.

—Hoy, —sabi ni Mario sa bata, —aking bunton iyang kinuha mo, a. Ibalik mo rini.

—Alin? —tanong ng bata. —Ito ba? —At itinuro ang hanay ng mga bunton ng ginapas ni Mario. —Akin ito, a. Hagip iyan ng saklong ko.

—Amin iyan, —patutoo ni Linda. —Talaga namang ito ang saklong ni Mario, a. Magnanakaw ka pala!

—Sino... sino'ng magnanakaw? —Ibinaba ng bata ang hawak na kimis ng palay, at hinarap si Linda. —Bawiin mo ang sinabi mo!...

—Huwag iyan ang harapin mo, —sabi ni Mario. —Babae iyan. Ako ang nagsasabing talagang magnanakaw ka!

Sinugod ng bata si Mario. Nailagan niya ang suntok niyon. Sanay lumaban ng away si Mario, at ilan pang sandali'y kinukubabawan na niya ang batang nailugmok niya sa magkasunod na suntok na ibinigay niya.

Pinagkaguluhan ng karamihan ang dalawang nag-aaway. Dumating ang ama ng bata. Pagalit nitong hinaklit si Mario at isinalya.


—Iyan! —umiiyak na wika ng bata at itinuro si Mario. —Nang-aagaw ng bunton... pagkatapos e, siya pang matapang.

Hinarap ng lalaki si Mario. —Hindi ho ako nang-aagaw. Siya nga ang dumakot sa bunton ko, e Nang hinihingi ko'y nanuntok agad.

Sinuri ng lalaki ang mukha ni Mario. —Wala ka namang pasa sa muk-



(Buklatin sa pah. 20)




**Sa pamamagitan ng pilyong si Indo, dalawang pusong pinaglapit ng mga pangyayari ang nagkaunawaan at ngayo'y nakatitig sa ligaya**

NAKATUTUWA si Indo. Gayong kay-liit ay marami nang kapilyuhang natutuhan... mga kapilyuhang naging sanhi ng mga pagtutungayaw ni Pekto. Hindi naman masasabing si Pekto ang nagturo ng mga kapilyuhan ni Indo. Hindi makibuin si Pekto. Ito pa nga ang sumasaway kay Indo kung naglilikot.

—Saan mo na naman dinala ang aking sapatos? —Galit na galit si Pekto.

Hindi kumibo si Indo. Kilala niya si Pekto. Sapul nang magbinata ay lagi nang mahigpit sa mga ari-arian.

Si Indo ay malilimutin. Kaya hindi niya masabi kung saan nga niya nadala ang sapatos ni Pekto. At kung alam man niya ay hindi niya kukunin. Pababayaan niyang magalit nang husto si Pekto. Pag umalis na iyon ay saka niya ilalabas at ilalagay sa dating pinagkunan.

Yamot na yamot na si Pekto. Ibig na ibig na niyang hambalusin ng tangang sinturon si Indo. Kaya nagpupuyos ang kaloobang lumapit siya kay Indo. Itinaas niya ang kamay na may hawak na sinturon.

—Hoy, ang taong ire...

Kay Aling Tinay ang tinig na narinig ni Pekto. Kusa na niyang pinawi ang kanyang galit. Wala ring mangyayari.

Pasugod na lumapit si Indo kay Aling Tinay. Kinuha ang bitbit niyong basket. Hirap na hirap man sa pagdadala ay inako na niya iyon. Dahil doon kaya hindi siya pinababayaan ni Aling Tinay. Sa madalas na pagkakataon, sa mga amba ni Pekto.

HINDI kaila kay Indo ang naging kasawian ni Pekto sa pag-ibig. Sila ang magkatabi sa pagtulog. Madalas noong magpuyat ang binata sa paglamay sa mga liham na walang katugunan. Hindi man nakauunawa si Indo ng ano mang tungkol sa pag-ibig ay nakikipagpuyat siya kay Pekto. Walang nauunawaan ang munting si Indo kundi ang kailangan siyang magpuyat. Iyon ang ginagawa ni Pekto, kaya dapat niyang tularan.

Takang-taka si Pekto, isang umaga, nang humahagibis na dumating si Indo. May dala iyong isang panyolito. Kulay rosas. Naghuhugas ng mga pinagkanan si Pekto. Hinila ni Indo ang kanyang pantalon. Yamot na yamot si Pekto. Kamuntik nang mabagsak ang isang hawak na pinggan. Tinabig niya si Indo. Nguni't marahan lamang. Ayaw rin niyang masaktan iyon. Mahal niya si Indo.

Iniwan ni Indo ang panyolito sa may paanan ni Pekto. Yaong makikita ng binata. At saka mabilis na tumalilis si Indo. Hindi na siya nakita ni Pekto. Mabilis sa pagtatago si Indo. Mayroon siyang kinatatakutan.

—Mama...

—Ho?

Halos mabagsak ang lahat ng nabanlawan nang mga pinggan ni Pekto. Hindi agad siya nakakikilos. Na sa harap niya ang isang binibini —maamo ang mukha, nguni't nakakunot ang noo.

—Aba...

—Mama, 'yon hung panyolito ko, —sabay turo ng nangingiming dilag sa iniwan ni Indo sa may paanan ni Pekto. Tiningnan ng binata ang itinuro ng babae. Naroroon nga ang panyolito. Hindi niya napuna iyon kangina.

Matagal ang pagkakatitig ni Pekto sa panyolito. Ibinaba niya sa banggera ang mga nahugasang pinggan. Saka niya dinampot ang panyolito. Lumapit siya sa may hagdanan. Sa may kinaroroonan ng babae.

—Sa inyo hu ba ito?

Hindi kumibo ang binibini. Nakatingin sa mukha ni Pekto. May mga tilamsik ng bula sa mukha ng binata. Pagkuwa'y nagbaling sa suot na *apron*. Lihim na napangiti ang panauhin. Pinamulahan ng mukha si Pekto. Nagunita rin niya ang kanyang anyo.

—E, heto ho. —Iniabot ni Pekto ang panyolitong kulay rosas. May ibig pa sana siyang sabihin nguni't naumid na siya. May balak na pumasok sa kanyang isip.

Ang may-ari man ng panyolito ay hindi rin nakaimik. Palibhasa'y nakauunawa ng wikang inihahayag ng mga kilos. Isang "salamat po" lamang ang kanyang naisukli. Napatango naman si Pekto.

Pagbabang-pagbaba ng naging panauhin ay maliksing nanungaw si Pekto. Sinundan ng tanaw ang dilag. Sa katapat na bahay iyon nagtuloy. Sa bahay na matagal na nabakante. Kasintagal na ng pangungulila ni Pekto. Kasintagal din ng pagpipilit niyang lumimot sa mga bigong pangarap.

Sa bahay-paupahang iyon tumira ang dating pinamuhunanan ni Pekto ng di-iilang gabing pagpupuyat at pag-iisip sa magagandang salita. Doon naglulumagi ang kanyang pananaw kung wala na siyang ginagawa. At sa bahay na iyon pilit ibinabaon ni Pekto ang malulungkot na tagpo ng kanyang pagpupunyagi.

Nangingiti si Pekto sa pagkakagunita sa naging panauhin niya habang nakatanaw sa katapat na bahay. Talagang pilyo si Indo, naisip niya.

Kinagabihan ay magkatabi na namang nagpuyat sina Pekto at Indo. Katulad noong mga gabing masayahin pa si Pekto. Noong mga gabing hindi pa lumilipat ang dating nililihaman ni Pekto.

Inip na inip na si Indo. Hinihintay niyang dumukot si Pekto ng sobre sa kahon ng kanyang mesita. Pag kumuha na iyon ng sobre, pag tiniklop na ang ginawang sulat matapos daanan ng basa, malapit na silang matulog. Pabiling-biling na naghintay si Indo. Mangyari'y matagal sa pag-iisip sa isusulat si Pekto.

Kitang-kita ni Indo na inilagay ng binata ang sulat sa ibabaw ng mesita. Pagkatapos noon, natulog na si Pekto. Natulog na rin si Indo.

TAKANG-TAKA si Aling Tinay kinaumagahan. Pinagpapawisan si Pekto. Naroon ang magbukas sa lahat ng kahon ng kanyang mesita. Naroon ang dumukwang sa ilalim ng kama. Noon lamang ginawa si Pekto ang gayon. Hindi pa iyon nag-aalmusal. Marahil ay may malubhang nangyayari, pag-aalala ni Aling Tinay. Nanunuri ang mga matang pinagmalas niya ang bawa't kilos ng anak.

Natanaw ni Pekto si Aling Tinay.

—Inay, kayo ba ang kumuha ng ... —Hindi na naituloy ni Pekto ang pagtatanong. Ayaw niyang ipabatid sa ina ang kanyang hinahanap.

—Ng ano?

—Wala ho.

Hindi na kumibo si Aling Tinay. Naisip niyang walang malubhang mangyayari. Dati nang naging maguluhin si Pekto.

—Kumain ka na nga, hoy! —Naggagalit-galitan si Aling Tinay. Luminga-linga siya. —Si Indo... nasaan?

Napaisip si Pekto. May nabuo siyang hinala.

—Si Indo... si Indo... pihong... Inay, si Indo?

—Aba?

Wala sa bahay si Indo. Hindi siya nagisnang katabi ni Pekto. May pinuntahan si Indo. Sa katapat ng bahay nila, sa naging panauhin ni Pekto. At ang liham na sinulat ng binata para roon ay sumakamay na ng dalaga. Nakangiti iyon habang nagbabasa. Tanging si Indo ang nakasaksi niyon:

*Binibini,*

*Una'y inihihingi ko ng paumanhin ang ginawi ni Indo... iyon bang nagkamaling kumuha ng inyong panyolito. Alam ninyo'y kinagalitan ko siya kangina dahil doon. At marahil naman ay hindi ninyo ipagtataka kung sabihin kong bahagi na siya ng aking buhay. Kasi ho'y*

(*Buklatin sa p.* 31)

# DAMBANA AT Pangako

nina MARTIN P. PANTALEON at GREGORIO R. FLORENCIO

(Ika-25 Labas)

NAKATITIG si Ginoong Buenaflor kay Aida habang sumasakay sa awto. Kaipala'y napansin niya ang pagluha ni Aida. At iyon ay nagpaalab sa simbuyo ng galit na tinitimpi niya sa sarili.

Nang binubuhay na ang makina ng awto ay nalingapan ni Ginoong Buenaflor sina Eddie at Chit na lumalabas sa kantina. Saglit na sinubaybayan niya ng nananalim na tingin sina Eddie at Chit na papalapit sa tarangkahan.

Malapit na sa tarangkahan sina Eddie at Chit nang umusad ang awto. Sa salamin ay nasulyapan ni Ginoong Buenaflor na nakalingon si Aida.

Dahan-dahang nanumbalik ang pormal na anyo ni Ginoong Buenaflor. Kapagkuwan ay nabadha sa kanyang mukha ang kasiyahan. Nguni't namalagi siyang tahimik, pasulyap-sulyap sa salamin.

Alam ni Ginoong Buenaflor na nagdaramdam si Aida dahil sa nasaksihang ikinikilos nina Eddie at Chit. Alam niyang naninibugho si Aida. At iyon ay lihim niyang ikinagagalak.

Sinapantaha ni Ginoong Buenaflor na lumalayo na si Eddie kay Aida. Na, nababaling kay Chit ang pansin niyon. Na, pinagaaralang limutin si Aida habang maaga upang hindi lalong maging masakit ang pagkasawi.

Malayo na ang nalalakbay ng awto nang magsalita si Ginoong Buenaflor.

—Marahil ay may matuwid kami ni Tindeng na maghigpit sa iyo, —aniya.

Hindi sumagot si Aida.

—Nakita mo *siya* kanina, —patuloy ni Ginoong Buenaflor. —Kasama si Chit, ang iyong kaibigan, na tila napag-uukulan ngayon ng pansin.

—Utang na loob, Tiyong, —sumasamong sabi ni Aida. —Huwag na sana ninyo akong pasakitan.

—Ipinagtatapat ko lamang sa iyo ang katotohanan, Aida, —paliwanag ni Ginoong Buenaflor. —Isipin mo ang mga pangyayari. Halimbawa ang nakita mo ngayon...

Hindi umimik si Aida.

—Batid kong hindi tapat ang pag-ibig niya sa iyo, —sambot ni Ginoong Buenaflor. —Marahil ay ibig kang *paglaruan* lamang, pagka't hindi niya gagawin ang gayon kung talagang mahal ka.

Naghihimagsik man ang kalooban ay nagsawalangkibo si Aida. Nangangamba siyang baka kung magsalita'y maibulalas ang lahat ng hinanakit niya kay Ginoong Buenaflor... baka mawalan siya ng pitagan.

Maging nang nagpapahingalay na sa kanyang silid ay naghihimagsik pa ang damdamin ni Aida. nguni't hindi kay Ginoong Buenaflor lamang, kundi pati sa mga pangyayari... sa buhay. Wala siyang maisip na matibay na dahilan upang magpakasakit, bagaman hindi niya matutulan iyon.

Matay mang iwaksi'y hindi makatkat sa kanyang gunita ang tagpong nasaksihan niya sa paaralan —ang pagniniig nina Eddie at Chit sa kantina, ang paglabas na magkasama. At paulit-ulit na naitatanong niya sa sarili: *Saan kaya sila nagtuloy? Ano ang kanilang pinag-usapan?*

Subali, sa maraming hinalang mabuo-mabasag sa kanyang hinagap ay wala siyang mahagilap na kasagutan. Lalo lamang sumisidhi ang kanyang panibugho.

—Sinadya kaya nilang pakita sa akin upang pasakitan ako? —nausal ni Aida.

Nguni't hindi nagagalit si Aida kay Chit. Alam niyang sa simula pa'y may pag-ibig na si Chit kay Eddie. Katulad niya, si Chit ay matagal na naghintay at umasang maaangkin ang pagtatangi ni Eddie.

MASAYANG pinatuloy ni Chit si Ramon nang dumalaw isang gabi. Magkaharap silang naupo sa tabi ng bintana, sa pagitan ng bilog na hapag.

—Malaon ko nang binalak na dumalaw upang makausap ka, —ani Ramon pagkaraan ng kagyat na katahimikang namagitan sa kanila.

—Lagi naman tayong nagkakausap, a, —nakangiting wika ni Chit.

—Nguni't ang ipinagtatapat ko'y hindi ko pa nasasabi sa iyo kailan man, —agaw ni Ramon. —Madalas na tinangka kong isiwalat sa iyo sa paaralan, maging nang dalawin mo ako, danga't naisip kong kailangang magsadaya ako rito. Ayaw kong magkaroon ka ng *bad impression* sa akin...

Napatungo si Chit.

—Napatunayan kong ang mga katangiang hinahanap ko sa isang babae ay...

—Tinataglay ni Aida... —himig-birong sambot ni Chit.

—Oo, nguni't hindi siya lamang ang nagtataglay niyon, —ani Ramon. —May ibang nakahihigit sa kanya, Chit.

Sinulyapan ni Ramon si Chit na muling tumungo.

—Hinangaan ko ang isang kagandahan, —patuloy ni Ramon. —Akala ko'y maganda rin ang kanyang isip, ang kanyang puso, hanggang sa matuklasan ko ang katotohanang nagkamali ako.

—Kay-dali mong nagbago, Ramon, —nasambit ni Chit. —Noon ay halos sambahin mo ang kagandahang yaon...

—Sapagka't panlabas na anyo pa lamang ang nakita ko sa kanya noon, —matuwid ni Ramon. —Hindi ko pa alam ang kanyang ugali. At nagpapasalamat ako pagka't habang maaga'y nakilala ko ang tunay niyang katauhan.

Ibinaling ni Chit sa malayo ang kanyang tanaw, waring nag-iisip nang malalim.

—Ngayon ay nakilala ko ang babaing higit na karapat-dapat mahalin, —antig ni Ramon. —Isang babaing ang magandang mukha'y salamin ng mabuting kalooban... marunong manindigan...

Kaipala'y naunawaan ni Chit ang katuturan ng pangungusap ni Ramon. Hindi na kailangang tiyakin upang malaman niya kung sino ang tinutukoy niyon. Si Aida, dahil sa pagkakaugnay sa dalawang lalaki —kina Eddie at Luis; siya na bigo man sa pag-ibig ay may sariling paninindigan.

—Marahil ay kalalabisan nang liwanagin ko pang ang babaing naging dakila sa akin, Chit, ay ikaw, —sabi ni Ramon.

Hindi kinamalasan ni Ramon ng pagkabigla si Chit, parang inaasahang sa gayon hahantong ang kanilang pag-uusap. Nguni't nang hawakan niya

**Dahil sa nahahalata ni Aida kay Eddie, tumindi pang lalo ang kirot ng may sugat niyang puso!**




ANG NOBELANG ITO AY KASALUKUYANG ISINASADULA ARAW-ARAW MALIBAN KUNG LINGGO SA HIMPILANG D Z M Y (830 Sa Pihitan ng Radyo) MULA SA IKA-11:30 HANGGANG IKA-11:45 NG UMAGA.

ang palad ni Chit ay marahang umilag. Hindi niya naunawaan ang makahulugang ngiting namintana sa mga labi ni Chit.

—Chit...

Hinarap ni Chit si Ramon.

—Sagutin mo sana ako, Chit. —Lumuluhog ang got nang tiyak, Ramon.

—Hindi pa kita masasagot nang tiyak, Ramon.

—Kailan, Chit?

—Aywan, —paiwas na wika ni Chit. —Maaaring bukas, sa isang linggo, sa isang taon, o sa...

—O sa oras ng aking kamatayan?

Napatawa si Chit. Napatawa rin si Ramon.

Bagaman hindi sinagot nang tiyak ni Chit, si Ramon ay masayang umuwi nang gabing iyon. Nahalata niya sa mga kilos ni Chit na may sinimpang pagtingin sa kanya. At sa paglisan ay binaon niya ang pag-asang magtatagumpay ang kanyang layunin.

Subali't sa maraming araw na lumipas ay tinaglay ni Ramon ang gayong pananalig nang hindi niya natamo ang tiyak na kasagutan ni Chit, bagaman laging ipinahihiwatig na may pagmamahal sa kanya.

Maging si Eddie, katulad ni Ramon, ay buong pananabik na naghintay. Nguni't si Eddie ay higit na nababahala, pagka't hindi sila nagkakausap ni Aida. At unti-unti, pinapawi ng pagkainip at kabiguan ang kanyang pagasa.

Samantala, hindi nagbabago ang pagtitinginan nina Aida at Chit. Sila ang palaging magkasama sa paaralan bagaman kusa nila iniiwasan ang pagtalakay sa kanilang mga suliranin sa pag-ibig. Subali, lihim silang nagkikimkim ng *damdamin* sa isa't isa.

BILANG bahagi ng kurso sa Kasaysayan, ang mga estuyanteng na sa unang taon ng kolehiyo sa pamantasan nina Aida ay kinailangang magliwaliw sa maaalamat na pook.

—Pihong papayagan ka, Aida, —nagagalak na wika ni Chit.

Mapait ang ngiting isinukli ni Aida. —Kung may *chaperon*, —aniya.

—Kahit walang *chaperon*, —agaw ni Chit.

—Hindi mo pa yata kabisado ang mga *old* ko.

—Kabisado, Aida, —ani Chit. —Alam kong mahigpit sila. Nguni't *almost sure* ako na papayagan ka, pagka't hindi makasasama ang pinangingilagan nila.

Napatitig si Aida ay Chit.

—Narinig mo ang paliwanag ng propesor natin sa *meeting* kanina. —dagdag na wika ni Chit. —*Exclusive* sa *freshmen* ang *Educational Tour* na gagawin natin.

Saglit na natilihan si Aida.

—Samakatuwid, hindi makasasama sina Eddie at Ramon, pagka't *disqualified* sila.

—Madaling gumawa ng paraan, Chit, —nagaalinlangang badya ni Aida. —At sakaling makasama sila at malaman ng mga Tiyong at Tiyang, lalong magiging mahirap ang kalagayan ko.

—*Don't be so pessimistic*, Aida —panghihikayat ni Chit. —Basta sumama tayo. Tutulungan kitang magpaalam kina Mister Buenaflor, kahit panagutan kita.

At pinayagan nina Ginoong at Ginang Buenaflor si Aida...

Tuwang-tuwang sumakay sina Aida at Chit sa isa sa tatlong *bus* na kinasundo upang maghatid sa kanila sa Bataan. Habang hinihintay ang pagtulak ng mga sasakyan ay masaya silang nagbalitaan.

Hanggang sa naglalakbay na sila sa lansangang pambansa sa labas ng Maynila ay masaya sina Aida at Chit. Nakikisunod sila sa karamihan sa pagawit ng "Mabuhay".

Nguni't ang kagalakan nina Aida at Chit ay nalunod sa pagkakatuwa ng kanilang mga kasama nang maagapay sa kanilang sasakyan ang isa sa dalawa pang *bus* na nagtatangkang lumusot.

Nakita nila si Ramon na halos ipaglawitan sa bintana ang katawan sa pagkaway sa kanila. Nakangiti si Ramon. Masaya.

Sa sarili'y naitanong ni Aida: *Kasama kaya ni Ramon si Eddie?* At magkahalong pangamba at pananabik ang nadama ni Aida.

(ITUTULOY)

——oOo——

## Sulyap...

(*Karug. ng nasa p. 13*)

ako'y nabigo. Nag-iisa ko kasing anak. Batid na hindi ko siya matitiis. Bakit ay ulila pa nga sa ina.

Tumangu-tango ako.

—Ngayo'y ito na lamang ang aking pag-asa, Kaibigang Indo, —at tumanaw sa labas ng restawran si Alkalde, —ang umibig siya nang tapat. Umibig nang tapat sa isang babaing hindi iibigin pati ang kanyang mga kapintasan. Alalaong-baga, huwag siyang ibigin sa kalagayan niya ngayon. Kung matutuklasan ni Virgilio ang bagay na yaon, na kaya hindi siya maibig ay sapagka't siya'y "gayon", maaaring siya na ang magkusang bumalik sa dati niyang sarili.

Dumalas ang aking pagtango bilang piping pagsang-ayon sa sinabing iyon ni Alkalde.

NANANANGHALIAN kami nang maibalita ko sa aking mag-ina ang napag-usapan namin ni Alkalde.

—At akalain mo, oy, —sabi ko pa kay Maria ko. —Na sa huling taon na pala ng abugasya nang huminto sa pag-aaral.

—Talagang loko, e. —At nilakasan ni Maria ko ang paghigop ng sabaw ng sinigang na hipon. May ibig sabihin iyon: walang halaga sa kanya ang aking sinasabi.

Si Sedes ang sa palagay ko'y interesado sa aking sinasabi. Banayad ang kanyang pagnguya. Banayad ang paghigop ng sabaw. Maminsan-minsa'y biglang mapapatingin sa akin at biglang mapapatungo kapag nahuhuli kong nakatingin sa akin. Tila nais maunawaang lahat ang aking ibinabalita.

———

KINAGABIHAN, tulad nang dati, ay naroroon na naman sina Virgilio sa aming tindahan. Nag-iinuman. Maiingay. Tila ipinagpaparangalang sila'y mabubuting magsiinom ng alak. Nguni't ako'y hindi na nanaog. Baka painumin na naman ako.

—Wala yata ang Ka Indo, ho, Ka Maria? —ang narinig kong tanong ni Virgilio kay Maria ko. Gaya rin nang dati'y hindi nagmagandang-gabi si Virgilio.

—Mabigat ang katawan dahil sa pagkalasing kagabi, —sagot ni Maria. Alam ko ang ibig niyang sabihin; hindi mabuti ang ginawang pagpapainom sa akin ni Virgilio. May kalintikan din naman si Maria ko.

Nagtawa si Virgilio. —Mahina pala sa alak si Ka Indo, —ang sabi. —Di paris ko. —At nasilip kong kinabug-kabog ni Virgilio ang niliyad na dibdib. Umasim ang mukha ni Maria ko. Nguni't lalong maasim ang aking mukha.

Nakatulog ako. Kung gaano katagal ay hindi ko alam. Nang magising ako ay papaalis na sina Virgilio. Nakita kong tila malungkot si Virgilio. Nakita kong naghihilik si Maria.

—Ang lintik, —nasabi ko sa sarili. Si Maria ang aking tinutukoy. —Parang mantika. —At ang dati kong kaba'y naramdaman ko na naman. Baka...

—MUKHANG nasusuhulan ka na ni Virgilio? —naisumbat ko kay Maria nang umagang yaon, pagkagising niya.

Pinandilatan ako ni Maria. Mahirap daw mangyari ang bintang ko sa kanya. Kung ang pag-ayaw ko raw kay Virgilio'y sampu, siya ay limampu.

—May kaba ako, oy, —sinabi ko na kay Maria ang nasasaloob ko.

—Ako rin, oy. —At humanga ako kay Maria ko. Matalas din pala ang pakiramdam. Gaya ko.

NANG sumunod na gabi ay muling huminto ang *jeep* nina Virgilio sa aming tapat. Mananaog sana si Maria. Pinigil ko. —Subukan natin, —anas ko. Nasisiyahang tumango si Maria.

—Limang bote, Sedes, —narinig namnig bungad ni Virgilio.

—Walang alak, —sagot ni Sedes. Halatang galit. Hindi tumitingin kay Virgilio. Nakahalukipkip.

Nagkatinginan kami ni Maria. Bakit mawawalan ng alak ay limang kahon ang binili ko kangina?

Nakita kong kinumpasan ni Virgilio ang mga kasama. Nagsibalik ang mga iyon sa *jeep*. Naiwan si Virgilio.

Kinuha ko sa takyaran ang aking pisaw. Magagamit ko rin yata ang pisaw ko, nasabi ko sa sarili. Nahalata kong tila naaalinsanganan si Maria.

Lumapit si Virgilio kay Sedes. May sinabing pabulong.

—Sinabi ko na sa'yo kagabi ang niloloob ko sa bagay na 'yan, —sabi ni Sedes. —Kung hindi mo masusunod ay wala akong ipinangako sa 'yo!

Matagal na napatitig si Virgilio kay Sedes. Tila sumasamo. Tila napahahabag. —Alang-alang sa 'yo Sedes, —ang sabi at marahang tumalikod. Lumakad. Huminto. Bumaling kay Sedes. —Pinangangako kong ang lahat ay gagawin ko alang-alang sa 'yo. Magbabagong-buhay ako. Sedes, magbabagong-buhay ako, gaya ng

(*Buklatin sa p. 31*)

# Sa Liwanag ng ILAW

ni En. C. Agleham

## *irog ko'y diyan ...*

*kinakawayan ka'y halinang lapitan*
*ang aking nabanggit na punungkawayan—*
*tingnan mo't anaki'y panikin ng araw*
*sa kanyang aninong kumiling na suhay.*

*paminsan-minsan kong diyan pagtananin*
*ang buntunghiningang hindi ko mapigil;*
*sa lilim din niyan madalas tapusin*
*ang mga sandaling masaklap sa akin.*

*sa nariyang hukay aking itinabon,*
*ang layaw na hindi nais pang sumibol;*
*diyan din sinigan ang nagsilbing lason*
*sa aking pangarap na di-napayabong.*

*sayang na panahong hindi na mabawi,*
*diyan inuusal niring mga labi;*
*sa panaginip kong walang makawari,*
*diyan sinarili't nang hindi mapawi.*

*...at, sapagka't diyan wawakasan, irog,*
*ang sanhi ng aking madlang pagkatisod—*
*diyan din ibig kong makitang umusog*
*ang isang nagisnang simulang nilimot.*

*Tumulong sa Krus na Pula sa pakikibaka sa kahirapan. Sumanib at maglingkod—mag-abuloy sa Krus na Pula!*

## ito ang istorya...

ni YOYONG FLORENCIO

# *INALAT*

# LANG SI KADYO

NOON, sa baryo nina Kadyo, ang maging kunduktor ng bus na bumibiyahe sa kanilang bayan ay isa nang mainam na trabaho. Pasigaw-sigaw lang daw, pasingil-singil, patiket-tiket at pasukli-sukli ay napakalaki na raw ng kinikita. Umaabot ng pitong piso isang araw ang kita ni Masong na kunduktor. Masarap pa raw ang buhay ng kunduktor, laging sa restawran ang kain lagi sa Menila, at laging nakakakita ng magagandang dalaga (mga pasahera) at lagi raw may hawak na kuwarta. At kung magkakasarilinan pa kayo ni Masong at ipangangakong walang makaaalam ng kanyang mga sasabihin, ipagtatapat pa niya ang kanyang mga *sideline* (daw). Sa mga suklian daw. Sa mga tikitan. Sa gasolina ng bus na pinagkukunduktuhan. (Ayaw lang ni Masong ipanabi pa sa iba pagka't baka raw matutuhan ng ibang kunduktor ang istrok. Basta magkunduktor daw sina Kadyo at nang makita nila.).

At nagkunduktor nga si Kadyo. Nguni't pagkaraan ng dalawang araw ay nagbitiw at ipinangalandakan na sa kanilang nayon na —wala na raw pinakamahirap, pinakawalang-kuwneta, pinahamakunsimisyon pinakamasaklap, pinakadelikado at pinakamalas na trabaho kundi ang magkunduktor. Halos gabi-gabi'y nagdidilihensiya si Kadyo ng makakausap upang sabihin sa mga ito na gano'n at ganito pala'ng magkunduktor, saka durugtungan pa niya ng *'Ku pare, huwag kang magkakamaling pumasok na kunduktor. Mabuti pa'y maghukay ka na lang ng ilog at baka sakaling baguhin ang Bibliya, e, mababalita ka pa sa buong mundo.* (He-he-he).

Ngayon ay marami nang nakukumbinse si Kadyo sa kanyang paninira sa pagkukunduktor. Paano, bago siya manira ay ikinukuwento muna niya ang nangyari sa unang araw ng pagkukunduktor niya, ang sa buong buhay niya'y pinakamapait na raw na istorya... ito...

*Third-trip* sa umaga ang simula ng biyahe nina Kadyo at alas singko pa lamang ay inilabas na nila ni Tino ang bus mula sa terminal na malayu-layo rin sa linyang pagbibiyahihan. Nangangaligkig sa ginaw ang dalawa. Parang may dalang tubig ang hanging nasasagip ng mga bintanilya ng bus dahil sa mabilis na pagpapatakbo ni Tino. Nguni't kung tingnan ni Tino, si Kadyo'y tila hindi nagiginaw. Malikot ang katawan ni Kadyo. Punas dito, punas doon sa mga upuan. Sungaw dito, sungaw doon sa mga bintanilya. Walang-malay-gawin si Kadyo sa loob ng bus.

—Huwag ka munang humanap ng pasahero, —puna ni Tino sa pagsungaw-sungaw ni Kadyo sa mga bintanilya ng bus. —Wala pa tayo sa ating linya.

—'Ba, hindi. Alam ko namang hindi pa natin linya ito, e... —maliksing sambot ni Kadyo. Hangga't maaari'y ayaw niyang masabing may di siya alam tungkol sa pagkukunduktor. Pitong araw siyang nag-estudyante sa pinalitan niyang kunduktor ni Tino at pag nagkabisala siya o nahalata siyang hindi pa pupuwede ay papalitan din siya.

Bumagal ang takbo ng bus. Sumapit na sila sa pinakapuno ng linya. At hindi na nakuhang sumigaw ni Kadyo. Biglang nagkaldagan ang mga pasaherong sa malas ay matagal nang nagsisipaghintay doon. Nalito pa si Kadyo. Puno na ang bus ay hindi pa halos naititigil ni Tino.

Nang muling paandarin ni Tino ang bus ay apaw na ito. May nakasabit na sa estribo. Parang sardinas ang nangakatayo.

Parang hilong-talilong, nagtiket si Kadyo. Sa'n kayo? Tiket. Sa'n kayo, tiket... tiket... tiket... Klik... klik... klik... klik... Hindi malaman ni Kadyo kung sinu-sino ang kanyang uunahin.

Nguni't kahit nalilito'y natutuwa si Kadyo. Sa loob-loob niya'y hindi lamang pitong piso ang kanyang kikitain pag gayon nang gayon ang biyahe.

Tiket... tiket... tiket ... Panay ang klik ng kanyang pambutas ng tiket. Hindi maubos-ubos ang mga tintikitan ni Kadyo. Hindi naglulubay nang katitigil ang bus. Sakayan pa rin nang sakayan ang mga pasahero.

Isang lalaki ang tumapik kay Kadyo: —Padre, ikinalulungkot ko. Baka sabihin mong nagdidiskump'yado ako... Pero, bababa na ako, e hindi mo pa yata ako susuklian.

—A, e, sandali lang, *boss*... Magkano ba'ng bigay mo? —Medyo napahiya pa si Kadyo sa humihingi ng sukli.



—Nakita mo na, e, di nakalimutan mo na nga... 'Ku, huwag naman, Pare. 'Yan na lang ang pera ko at baka maglakad ako sa pagbalik. 'Yan, 'yang nagiisang lilimahing hawak mo ang bigay ko. —Hinawakan pa ng lalaki ang lilimahing kasama ng maraming pipisuhing nakaipit sa mga daliri ni Kadyo.

Dali-daling nagsukli si Kadyo. May palaway-laway pa siya sa hintuturo nang binibilang na ang lumalagutok na kuwatronobenta. Pagkasukli niya'y pumara ang lalaki at bumaba. Natuwa pa sa sarili si Kadyo. Tamang-tama sa bababaan ng lalaki ang pagkakasukli niya, mabilis kasi siyang bumilang, e, naisaloob pa niya.

Sige si Kadyo. Singil, sukli, tiket...

Sakay, baba. Baba, sakay ang mga pasahero.

Alas-sais pa lang ay pinapawisan na si Kadyo. Nakahalata siya sa sarili. Pagod na siya. Nguni't hindi naaalis ang katuwaan niya. Malaki naman ang kanyang kikitain.

Walang anu-ano... biglang *nagbreak* si Tino. Napalingus-lingos si Kadyo na kasalukuyang nagbibilang nang ipanunukli sa isang pasahero. Sa estribo'y nakita niya ang isang pasaherong naghihilahod na sumampa. Biglang nahawi ang mga na sa estribo at ang kasunod na nakita ni Kadyo'y isang pulis. Mainit ang tingin sa kanya niyon. Saka naisip ni Kadyo —tiyak na nahulog ang pasaherong iyon at siya ang mananagot. Sagutin ng kundoktor ang kaligtasan ng isang pasahero, kailanpama't ito'y na sa sasakyan, ang bilin sa kanya ng manedyer na tumanggap sa kanya.

Hindi na pinag-usapan nang matagal ang hulihan pagka't maaabala ang mga pasahero, kinuha ng pulis ang sedula ni Kadyo. Halos ibig nang kubain ni Kadyo ang nahulog sa estribo na isang binatilyo, nguni't naaawa naman siya pagka't nabalian yata iyon ng kasu-kasuan. Walang nagawa si Kadyo kundi ang maghinagpis nang lihim. Nagunita niyang tiyak na magmumulta siya. Naglaho ang pag-asa sa buhay ni Kadyo. Bigla siyang nalungkot.

Ngayon ay marami na mga pasahero ang nakababa na at iilan-ilan na lamang ang sakay ng bus. Nainip na si Kadyo sa pagsapit nila sa Dibisorya.

Napaupo si Kadyo sa laki ng sama ng loob, nguni't bigla siyang napatayo nang makatanaw ng isang kawang pasahero. Sa tingin niya'y may dalawampu ang mga iyon, at pumapara. Napasugod si Kadyo sa estribo. Tinigilan nila ang isang katerbang pasahero. Sa tingin ni Kadyo ay mga probinsiyanong bagong salta ang mga iyon. At naisip niyang gumanti sa mga iyon para sa pagkakahuli sa kanya ng pulis. Tinikitan niya ng tig-bebeinte ang mga probinsiyano. Angalan dito, angalan doon ang nangyari nang makita ng mga iyon ang kanikanilang tiket. *Sos, Bayaw, kamamahal pala naman ng pamasahe sa Maynila*, ang sabihan. *Sa atin e, isang daang kilometro e, diyes lang, a!... Anong diyes, singko lang pag sa kareta ka sumakay!*

Ibig sanang matawa ni Kadyo nguni't kailangang maggalit-galitan siya.

—Tama na 'yang mga abla, mga Pare... —pinatigas pa ni Kadyo ang matigas na niyang mukha.

Walang nakakibo sa mga probinsiyano. Nagkatinginan lamang ang mga iyon. Nguni't isa ang biglang napasigaw...

—Teyka, teyka... Kuyang... Sa'n ba, papunta'ng tarak na ito?

Nagkalingusan ang mga probinsiyano.

—'Ba, hindi dito ang sinabi ng Tatang ko, Bayaw. ...—bulalas ng isa.

—Para, para... Pare... 'Ba, teyka, kami'y maliligaw...

—Sa'n ba kayo pupunta? —tanong ni Kadyo.

—Sa Kayapo... Kayapo, Pare. Ang sabi ng Tatang ko'y marami raw restawran do'n.

Napakamot sa ulo si Kadyo.

—Do'n nga, Pare... Alam mo'y papasok kaming taga-hugas ng pinggan, ey... —pagmamalaki pa ng isa.

—E, siya... siya... Sige, magsibaba na kayo. Hindi hu ito ang papuntang Quiapo... papuntang Dibisorya hu kami... Sige, magbayad na kayo at... —Bumaling si Kad-

yo kay Tino. —Patigilin mo nga, Pare.

Tumigil ang bus. Nagmamadaling nagbabaan ang mga probinsiyano. Biglang nahawakan ni Kadyo sa polo ang isa.

—Sos, at baket mo ba ako pinipigil, Pare... hindi ba pinabababa mo kami? —anang nahawakan ni Kadyo.

—Oo nga, pero magbayad muna kayo, —nananakot ang boses ni Kadyo.

—'Ba, ikaw ba'y naghahanap ng hirap ng katawan! Nakita mo nang napagkamalan lamang namin ang inyong tarak ay pagbabayarin mo pa kami.

—'Ba, ba, baka ikaw ang naghahanap ng hirap ng katawan!... Basta magbayad kayo... Hindi ka makabababa hangga't hindi mo pinagbabayad ang iyong mga kasama.

Dumukot ang probinsiyano. Sa panlikod na bulsa dumukot iyon. Pitaka marahil ang dinudukot, naisaloob pa ni Kadyo. Nguni't bigla siyang namutla —balisong ang inilabas ng probinsiyano.

—E, di... sige, subukin mong huwag akong pababain nang magpa-*vulcanize* ka ng mga piyesa mo.... —anang probinsiyano habang itinutuon kay Kadyo ang balisong.

Ayaw na ayaw ni Kadyo, pero binitiwan niya ang probinsiyano. Parang binitiwan niya ang tres sisenta. Labingwalo ang mga probinsiyano. Tinikitan niya nang tig-bebente ang mga iyon.

Mangiyak-ngiyak na napaupo na si Kadyo. Kasalukuyan niyang pinagdidili-dili ang kanyang sinapit nang makarinig siya ng isang malakas na *hoy*. Napalingon siya. Isang tila boksingero ang nakita niyang nakatingin sa kanya. Tumayo siya't lumapit doon.

—Na sa Dibisorya na tayo'y hindi mo pa ako sinusuklian, a! —nakakatuyang sabi ng lalaki kay Kadyo.

—Magkano ba, *boss?* —tanong ni Kadyo at nagbilang na ng panukli.

—'Yan lang namang akin ang hawak mong lilimahin, e, tatanung-tanong ka pa...

Parang sinikwat si Kadyo. Sumaksak sa isip niya ang nasuklian na niya para sa lilimahing hawak niya.

—Pero, Pare, may nakahingi na ng sukli para sa lilimahing ito...

—'Ba, 'ba, at ang lokong ito, a!... Ano ba'ng palagay mo sa akin, ha?— Dumukot ang lalaki. Inilabas ang nangangapal na pitaka. Binuksan at ipinagwaswasan sa mukha ni Kadyo ang mga *de-bulkan*, at mga *kulay-ube*. — Baka balutin kita ng pera. Ano'ng malay ko kung niloko ka no'ng unang humingi sa 'yo ng sukli.

Namutla na si Kadyo... Pero, hindi niya maatim na suklian uli ang lilimahing iyon.

—Sukli na't bababa na ako.

Hindi pa rin makakilos si Kadyo.

Muling dumukot ang lalaki. Baril ang inilabas niyon, kalibre 45!

Bago namalayan ni Kadyo, nabilang na niya ang panukli at naiabot na niya sa lalaki. At kasunod daw ng lalaki, umibis na rin si Kdayo. Umayaw na sa pagkukunduktor. (X)

—oOo—

## Pagtitiwala...

*(Karugtong ng nasa pah. 12)*

kanya upang maghanda ng kanyang pagkain. At malimit niyang malaman sa kanyang ina na matiyagang pinagpapaalalahanan nito si Linda hinggil sa malamig na pakikitungo sa kanya.

Subali't siya'y tao lamang. May hantungan ang kanyang pagpaparaya sa inaasal ng kanyang asawa. At umabot sa hantungan ang kanyang pagpaparayang iyon nang magpatuloy sa pagwawalang-bahala si Linda.

Natutuhan niya ang magdamdam kay Linda, ang mamuhi. Nagdaramdam siya sa pagwawalang-bahala nito sa katapatan ng kanyang pag-ibig. Namumuhi siya sa pagwawalang-bahala nito sa pagaalaalang kanyang iniuukol.

Noon siya natutong magpagabi at maglasing sa restawrang pinagliligkuran ni Marcy. (At nagkalapit ang mga kalooban nila ni Marcy.) Nagpapagabi siya upang huwag na niyang maratnang gising si Linda. At kung gising ito, ang bisa ng ininom niyang serbesa ay sapat na upang magpamanhid sa kanyang damdamin. Sapat na upang huwag siyang masaktan sa ikinikilos nito.

Datapuwa't malimit na lumalabis ang kanyang naiinom. At sa paglabis na iyo'y unti-unti niyang nauunawaang naghihimagsik ang kanyang damdamin, na ang pinaghihimagsika'y ang kanyang paraan sa paglunas sa kabiguan niya... ang paglalasing.

Kaya ayaw na niyang maulit ang nangyari sa kanya nang sinundang gabi. Lalo siyang masasaktan kung pagtatawanan siya ni Linda. At upang huwag siyang mapagtawanan ng kanyang asawa ay uunahan niya ito, sa pamamagitan ng pakikipagugnay niya kay Marcy.

Kaya nang piliin niya nang hapong iyon ang sulok ng restawrang laging kinasusumpungan sa kanya ni Marcy ay hindi na serbesa ang kanyang sadya na maaaring maging dahilan ng pagtawa sa kanya ni Linda.

—Talaga nga bang kape na lang ang iinumin mo? —bungad ng nagbalik nang si Marcy. Nang balingan niya ang dalaga ay nakita niyang may pagaalinlangan ito sa paglalapag sa dalang tasang may kape.

Tiningala niya si Marcy. Nagsisipamilog ang mga mata niyon, nagsisipangislap.

—Oo, kape, —tugon niya. —At dalawang tasang kape, nang magkasalo tayo... Umupo ka. Wala namang kumakain, a.

—Bigla kang nagbago ngayon, Dardo? —May kaligayahan sa tinig ni Marcy. Umupo ito sa malapit sa kanya. —Bigla kang tumanggi sa paglalasing, at ngayo'y idaramay mo pa 'ata ako sa pagdiriwang mo. —At nabadha ang pagbibiro sa mukha ng dalaga.

—Ayaw mo bang makihati sa pagdiriwang ko?

—Ku, at para namang talagang may ipagdiriwang ito.

—Mayro'n nga, Marcy. Ipagdiriwang ko'ng pagkakamulat ng aking mga mata.

—Sa'n? Sa'n namulat, Dardo?

—Sa katotohanang hindi pala sa paglimot lamang maaaring lunasan ang kabiguan. Malulunasan din pala iyon sa pamamagitan ng bagong pag-ibig.

Muling umilap ang mga mata ni Marcy. Tumayo. Subali't maagap siyang hinawakan ni Dardo sa isang kamay.

—May magsisikain, Dardo. Baka ako kagalitan ng kabise.

—Pero, hihintayin kita hanggang sa magsara kayo. Natitiyak kong hindi mo ako bibiguin sa kaunaunahan kong pag-aanyaya. Mamamasyal tayo, Marcy.

Napatigagal ang dalaga. Sa malikot na paggalaw ng mga mata niya'y nakalarawan ang malabis na pagkabahala. May pagtingin siya kay Dardo, at alam niyang hindi pamamasyal lamang ang tinutukoy nito.

—Hihintayin kita, Marcy, —pagturol ni Dardo sa kalooban ng dalaga. Naramdaman niya ang marahang pagbawi ni Marcy sa kamay nitong hawak niya.

—Huwag mong sayangin ang pagtitiwala sa 'yo ng iyong asawa.

—Pagtitiwala! —naibulalas niya. —Wala siyang tiwala sa akin, Marcy.

—Wala na nga siyang tiwala sa 'yo, e... lalo mo pang patutunayang hindi ka nga karapat-dapat pagtiwalaan.

—Basta't hihintayin kita.

Hindi umimik si Marcy.

Magpapaunlak ka ba, Marcy? —samo pa rin ni Dardo.

—Titingnan ko, —at walang lingun-likod na



GUWARDIYA: Ikaw na naman. Sa loob ng dalawampung taon, panay mukha mo na lang ang nakikita kong naglalabas-masok dito sa bilibid.

PRESO: Kasalanan ko ba kung hanggang ngayon e, guwardiya pa rin kayo? Kung natataas ba kayo ng ranggo e, di hindi na ninyo ako makikita rito!

Ido: Sorry, Lola, hindi ako naglilimos sa kalsada. Ang nililimusan ko lang ho e ang mga na sa harap ng simbahan.

LOLA: Kung gayon po'y hihintayin ko kayo sa Quiapo...

IDO: Bakit ho?

LOLA: May sarili hu akong upisina sa Quiapo, do'n nagpupunta ang mga suki ko kung araw ng Biyernes.

## ANG DAKILANG KAIBIGAN

SI LITA ay mabuting makisama sa kanyang mga kakilala at katunayan ay di na mabilang ang mga naging matalik niyang kaibigan. Nguni't sa hindi niya malamang dahilan, ang lahat nang kaibigan niya ay nagsisilayo pagkatapos ng maikling panahong pagtitinginan nila nang masasabi niyang halos higit pa sa pagtuturingan ng magkakapatid. Kailan man ay hindi siya nagkaroon ng kaibigang pangmatagalan.

Kailan lamang ay nagkatampuhan sila ni Lourdes sa kagagawan na rin nito. Alam niyang nagkulang si Lourdes at hinintay lamang niyang aminin niyon ang pagkukulang na yaon. Nguni't hindi inamin ni Lourdes ang lahat, at labis siyang nasaktan. Kapag siya ang nagkukulang kay Lourdes ay buong pagpapakumbabang inaanim niya at inihihingi ng paumanhin. Dahil sa siya'y nasaktan. hindi na niya binati si Lourdes. Hindi na rin siya binati ni Lourdes at tuluyan nang lumayo.

Isang araw, pagkaraan nang may isang linggong paglalayo nila ni Lourdes, ay napilitan siyang lumapit sa **girl counselor** ng kanilang paaralan. Inilahad niya ang lahat nang namagitan sa kanila ni Lourdes. Sinabi pa ni Lita na halos gayon din ang mga pangyayaring naging sanhi ng paglayo ng iba pa niyang kaibigan.

Pagkatapos marinig ang kanyang paglalahad ay nangusap ang tagapayo:

—Alam mo, Lita, tamang ang pagkukulang ay na sa kanila; nguni't dapat mong amining ikaw ang dahilan ng kanilang paglayo. Hindi ka marunong magpaumanhin at magpatawad sa kanilang mga pagkukulang. Ang pakikipagkaibigan ay isang pagpapakasakit, pagunawa, at pagpapakumbaba. Pagpunan mo o kung kailangan ay pagdusahan mo ang kanilang pagkukulang at hindi nila matututuhang lumayo sa iyo. Sa halip ay mapapamahal ka sa kanila nang higit pa sa iyong inaasahan. Hindi mo dapat hintayin kailan man na gawin nila sa iyo ang mga iniuukol mong pagtingin sa kanila. Kapag nagawa mo iyan, ikaw na pinakadakilang kaibigan sa lahat nang panahon! — G.R.F.

umalis ang dalaga.

Kinusa ni Dardo ang unti-unting pag-inom sa lumamig nang kaping idinulot sa kanya ni Marcy. Ibig niyang manatili sa sulok na iyon hanggang sa magsara ang restawran.

Buhat sa sulok na iyon ay sinusubaybayan ni Dardo ang kilos ni Marcy. Nakikita niya ang pagkabalisa ni Marcy, ang pagkalito. Nakikita niya sa kilos ng dalaga na may pagtutunggaling nagaganap sa katauhan nito. Pagtutunggali ng isip at ng damdamin.

Matagal siya sa sulok na iyon. Matagal na matagal.

Subali't minsa'y namataan niyang pumasok si Marcy sa dakong lutuan ng restawran. At hindi na niya nakitang lumabas. Nang itanong niya ito sa kabise ay nabigla siya. Umuwi na raw. Sumakit daw ang ulo, at sa pinto ng kusina nagdaan.

Sa kanyang pag-uwi ay naramdaman na lamang niyang namumuhi siya. Hindi kay Marcy. Alam niyang karapatan ni Marcy ang pag-iingat sa karangalan nito. Kay Linlang katwirang pag-aalinda siya namumuhi. Sa walangan ni Linda sa katapatan ng kanyang pag-ibig.

Buo na sa isip niyang sasaktan niya si Linda. Kaya niyang mapatunayang iniibig pa rin niya ito. Sapagka't hindi niya malilimot ang diwa ng natunghayan niya sa isang aklat: *Winawasak ng isang umiibig ang nilikhang kanyang iniibig. Ito'y isinasagawa ng matapang sa pamamagitan ng sandata, at ng duwag sa pamamagitan ng halik.*

Nang sumibat ang liwanag na naglagos sa itinulak niyang pinto ng kanilang sala ay itinapat niya sa liwanag ang kanyang orasang pangkamay. Magiikawalo lamang. Alam niyang gising pa si Linda. Ngayon niya kakalusin ang pagwawalang-bahalang lagi niyang nasasaksihan dito.

Subali"t nang pumasok siya sa komedor ay hindi ang kanyang ina ang kanyang nakita. Si Linda ang nagkakang-aantok sa pagbabantay sa nakahanda niyang pagkain. At ang anyong iyon ang pumawi sa susun-susong hinanakit na malaon na niyang kinukuyom sa kanyang dibdib.

—Linda! —Hindi na niya napunang napakalambing ang pagkakatawag niya sa pangalan ng kanyang asawa. At naramdaman na lamang niyang mahigpit ang pagkakayakap nila ni Linda, at mariin ang pagkakalapat ng kanilang mga labi.

—Unti-unti akong naniwala sa ipinapayo ng inay. —Nasa tinig ni Linda ang paghingi ng paumanhin. —At natutuhan ko sa kanya na kung minsan, ang nagiging dahilan ng paglayo ng lalaki ay nasa amin ding mga babae. Wala kaming tiwala, kaya kami pa ang nagbubuyo sa inyo upang makalimot sa tahanan.

—Salamat, Linda! Salamat!

—Kagabi man ay ako na ang naghintay sa iyo. Pero lasing na lasing ka kaya hindi mo nalamang nag... nagbago na ako.

Sa muling pagkakalapat ng kanilang mga labi ay natiyak ni Dardo na hindi na siya magpapagabi sa restawrang pinaglilingkuran ni Marcy, sapagka't hindi na niya katatakutan ang umuwi. (X)

## Mga Suliranin...

(*Karug. ng na sa p.* 8)

ing na sa ganyang gulang ay karaniwang hindi mapagkakatiwalaan at madaling akitin sa ngalang romansa. Tinanggap niya ang iniluluhog mo na hindi na marahil inisip ang magiging kalagayan niya. Tiniyak pa niyang iniibig ka bagama't siya, sa kanyang sarili, ay hindi pa nakauunawa ng tunay na kahulugan ng kanyang binitiwang pangako. Hindi mo na sana hiningi pang patunayan niya ang kanyang katapatan. Sapat nang sinabi niya sa iyo na "makaaasa ka." O baka naman hiniling mong mahagkan siya o higit pa upang patunayan ang kanyang pagmamahal sa iyo? Pagkaraan ng sampung liham na walang tugon, ay kailangang tanggapin mo ang katotohanang nagbago na siya ng palagay ukol sa iyo? Mabuti pa'y huwag mo nang sayangin ang iyong panahon sa kanya. —MARISSA

——oOo——

## Umuunlad...

(*Kug. ng na sa p.* 10)

hindi naman pinalitaw na may anting-ating o tagabulag ang babae! Kapanipaniwala kaya?

Sa isa naman: karaniwan din ang takbo ng kasaysayan at hango sa tunay na buhay. Sumapit ang tagpong ang bidang batang lalaki ay hinabol ng mga kawal na sandatahan. Nahuli ang bata at ginulpi... nguni't kalabas-labas, ang mga kawal pa ang nangagkabukol at nangabulagta at ang bata ay muling nakatakbong nagtatawa. Talagang bida nga! Nguni't hindi kaya magawang bida ang bata sa isang paraang kapanipaniwala at hindi sa gayong paraan na naging tila si "Superman"?

Isa pa rin ito: Seryo rin ang istorya. Umibig ang bidang babae sa bidang lalaki, at sa ilang kadahilanan, nagbalatkayong isang lalaki at tumira sa bahay ng bidang lalaki. Kilalang-kilala ng bidang lalaki ang bidang babae, nguni't nang nakadamitlalaki na, hindi naman nagbabago ang mukha kundi ang gupit lamang, ay hindi na nakilala. Hindi na nahalata ang boses, ang kilos, ang dibdib, ang kabuuan ng anyo na ano man ang gawin at kahit na pagbali-baligtarin ay talagang makikilalang isang babae! Maganda nga ang istorya, nguni't kapanipaniwala kaya...?

Ang ganyang mga "kakuwanan" ng marami nating pelikula ay masasabing maliliit na bagay lamang at dahil lamang sa kapabayaan ng direktor, nguni't nakasisira nang malaki sa kagandahan ng isang pelikula. Kung pagiingatan lamang na huwag maulit ang gaya ng mga nabanggit, kaipala'y higit na masasabing ganap na nga ang tinamong kaunlaran ng pelikulang Pilipino.

——o——

## Sa Ibabaw...

**(Karugtong ng na sa p. 14)**

ha, a. Kung sinuntok ka ng anak ko'y di mababakas ko sa mukha mo.

—Nailagan ko ho ang kanyang suntok, e.

Dumating ang ama't ina ni Mario, at nag-usisa ang mga ito.

—Pangangaralan n'yo ang anak ninyo, —galit na wika ng lalaki kay Mang Karyas. —Kabagu-bago rito'y nang-aaway na agad.

Nang makaalis ang mag-ama ng bata ay inusisa ni Mang Karyas ang anak. Nguni't hindi kumibo si Mario. Batid niyang sabihin man niya sa kanyang ama na wala siyang kasalanan ay magagalit din ito sapagka't lumaban siya ng away. Ayaw ng kanyang ama na siya'y makikipag-away. Isang pingol ang naramdaman ni Mario sa kanyang tainga.

—Talagang... hindi ko tuloy malaman kung ano ang masasabi ko sa iyo, bata ka. Hanggang dito'y dala mo ang ugaling siya kong ikinaiinis sa iyo noong tayo'y na sa Maynila. Hindi ka ba nahihiya niyan? Dayo lamang tayo sa lugar na ito. Dapat tayong makisama nang ma-

(*Buklatin sa pah.* 31)

## Umawit Naman Tayo...

### IN DESPAIR

**(Buong-pusong inihahandog kay OY ni OM; kay Restie ni Cyd; kay Tony ni Laling; kay Pedy ni Min; kay Tony B. ni Rose Luna; ng isang "dilag" sa kanyang nagaalalang "talisuyo"; kay Loy ni Cholit Lacdan.)**

You taught my heart how
to dream
Thrilling each moment
divine
Just for a while you were
mine
Now I'm alone in despair
I never thought love
would end
And broken dreams would
remain
Changing my joy into pain
Don't leave me now in
despair
Loving you has been the
only way
I've learned to make life
so gay
Now it seems you let me
go astray
And I'm lost forever
How can love sweet
memories
Fade like a dream with
regret
And why must you
disappear
Leaving me now in
despair.

——o——

### *MAY ARAW KA RIN*

**(Handog kay NDC ng isang nagtatangi; kay Raquel ni Toti Recato nq MLQ;sa lahat ng taga-PNC, pangkat III, ni Mey Lontoc; kay G. Elias Ronas ng kanyang mga tinuturuan sa PCC)**

Ang ating kahapong
kay-saya
Kailan man ay hinding-
hindi
Mawawala sa alaala
Tulad natin ay mga ibon
Kumakanta sa himig ng
isang awit ng pagsinta
Nguni't dumating ang
sandali
Na ako'y iniwan mo kaya
lubos akong nagdusa
At ngayo"y nagbabago
ka'y halos ikamatay ko
Ang pag-ibig sa labis na
kamandag.

*—Koro—*

Kay-dali mong magbago
Kay-dali mong malimutan
Ang sumpa mong ako
lamang
Ang tanging pag-ibig mo
Ang puso mo't puso ko
Dati'y nagkakaisa ng
pagtibok sa pagsinta
Kahi't minsa'y may tampo
Naglaho ang pag-ibig
Ang iniwan mo ngayon
Pasakit at luhang anong
pait
Nguni't dapat mong
alalahanin
Na sa aking pagdaing.
Na tila hindi mo
pinapansin
Ay may araw ka rin.

——oOo——

### *HABANG, LALONG*

**(Buong-pagmamahal na iniaalay kina Claire, Liz, Clding, Zenv, at Annette ni MN ng PCC.)**

Habang nagkikita'y lalong
nasasabik
Habang nasasabik lalong
ibig
Habang magkalayo lalong
naiinip
Habang naiinip, nayayamot na di ko malaman
Habang nayayamot ang
puso ko nama'y
nasasaktan.
Habang nagtatagal ang
ating pagiliw
Lalong nagmamahal sa
iyo, giliw
Habang nagmamahal ako
sa iyo'y lalong nanga-
ngarap
Habang sumasarap ang
ating paggiliw
Lalong naghahanap sa
iyo, giliw.
Habang nakikita kita'y
lalong nasasabik
Habang nasasabik lalong
sa iyo'y umiibig.

——oOo——


MANDRAKE ang SALAMANGKERO
mna LEE FALK at PHIL DAVIS
AT ISINAGAWA ANG MGA PANIMULANG TIMPALAK SA MAY ISANG DAANG BANSA--
RLD-WIDE
AUTY
TEST
TO CHOOSE
MISS INTERNATION
MGA DILAG NA MAY KANYA-KANYANG KARIKTAN--
LIMANG MILYONG LAHOK, ISANG DAANG BANSA --PINAKAMALAKING TIMPALAK SA KASAYSAYAN!
NATURAL--PAG GANOON ANG MGA PREMYO! DOC, IKAW AY NAMAMAHALA LAMANG. SINO ANG UTAK NITO?
TAPATAN, AYWAN KO. ANG UTOS AY TINATANGGAP KO SA MGA LIHAM NA WALANG LAGDA. SINO ANG MAKAPAGBIBIGAY NG ISANG BILYONG BONO?
IYAN ANG DAPAT NATING MALAMAN!
HAYUN SI NARDA!
SA PINAGDARAUSAN NAMAN NG PANIMULANG TIMPALAK SA AMERIKA--
PARA AKONG HIBANG NITO.
KING FEATURES SYNDICATE, Inc., WORLD RIGHTS RESERVED.
ANG NAGWAGI, BINIBINING AMERIKA. LALAHOK KA SA PANGWAKAS NA PAGPILI!
AKO? KATAKA-TAKA! MARAMING HIGIT NA MAGAGANDANG BABAE--
HUWAG KANG MAKIPAGTALO SA TAGAHATOL, NARDA.
12-16
ITUTULOY-




(ANG PANGALAN NG MGA TAUHAN AT ANG MGA PANGYAYARING BUMUBUO SA MGA KUWENTONG NALALATHALA SA MAGASING ITO AY PAWANG KATHANG-ISIP LAMANG NG SUMULAT. ANG ANO MANG PAGKAKAHAWIG SA TUNAY NA BUHAY O PANGALAN NG SINOMANG TAO, BUHAY MAN O PATAY, AY ISANG PAGKAKATAON LAMANG NA DI SINASADYA)


PAKANLURAN ANG MGA WEGON!
ni
WALT DISNEY
TINAWAG AT PINULONG NI KAPITAN STEPHEN ANG MGA TAUHAN NG KAMPO.
NAKAPAGPAHINGA NA ANG MGA KABAYO AT YARI NA ANG MGA WEGON--SINO ANG MAY IBIG NANG MAGPATULOY SA PAGLALAKBAY?
PAANO ANG KAPATID NI LOBO AT ANG MGA SIOUX NA IYON?
ALALAHANIN N'YONG MAHABA ANG NASASAKOP NG MGA SIOUX SA DAANG PAKANLURAN!
ABA, LALO AKONG NANGANGAMBANG SUMUGBA SA MGA YELO SA BUNDOK KAYSA SA MGA INDYAN!
PINAKAMAPANGANIB ANG MGA BUNDOK AT ILANG LINGGO PA BAGO NATIN MARATING ANG MGA IYON!
KARANIWAN LAMANG NA BAGTASIN NATIN IYON PAGDATING NATIN DOON!
ANG PROBLEMA AY ALIN ANG LALONG MAPANGANIB--ANG MGA INDYAN O ANG MGA BUNDOK!
MABUTI PA'Y MAGBOTOHAN TAYO!
TEKA! TINGNAN N'YO!
© 1956 Walt Disney Productions World Rights Reserved
MARAHIL AY HINDI NA TAYO DAPAT MAG-ABALA SA PAGBOTO.
12-16
Distributed by King Features Syndicate
PUMASOK KA, MYRA! AT HUWAG KANG PAKIKITA!
DAN, PUMUNTA KA SA HIMPILAN AT PAPARITUHIN MO SI G. BISSONETTE. DALI!
ITUTULOY...


Tarzan
Edgar Rice Burroughs
SINABI KINA TARZAN NG NAGHIHINGALONG TAONG-GUBAT NA ISANG BABAING PUTI UMANO ANG REYNA SA ISANG DI-KALAYUANG TRIBO.
LUMAKAD PATUNGONG HILAGA ANG TATLONG MANLALAKBAY UPANG HANAPIN ANG NAPAG-ALAMANG REYNA -- AT PATUNAYANG IYON ANG PAMANGKIN NI WALTER KEYS.
WALANG ANU-ANO, NAPATIGIL SILA SA PAGKARINIG SA MGA DAGUNDONG--
11-18
1341
NAHIHINTAKUTANG MGA BUPALO ANG RUMARAGASANG PASUGOD SA KINAROROONAN NILA!
DICK VAN BUREN
JOHN CELARDO
NAGPASIYANG TUMAKAS ANG TATLO, NGUNI'T WALA SILANG MALULUSUTAN.
TUMALAGA NA SILANG HUMARAP SA MGA MANANALAKAY NA PAPALAPIT NA SA KANILA. HINDI SILA NAKAKILOS!
Distr. by United Feature Syndicate, Inc.

# Ang "LO' WAIST GANG" sa "ARMY"

Katha ni JOSE C. GARCIA




señor MISERABLE
Nobela ni PATROCINIA R. MARCELINO
Guhit ni ELMER E. ESQUIVIAS
Ika-29na Labas
Ang Sinundan
PINASOK NG MGA KAWAL-HAPONES SINA AUGUSTO. NAGPAGIBIK SI LOLITA AT SUMAKLOLO ANG SUGATANG SI DANIEL. NAPATAY NITO ANG MGA HAPONES. NANG LIGTAS NA SILA'Y NAPAGBUNTUNAN NG GALIT NI AUGUSTO ANG BINATANG GERILYERO, NAKAHAGILAP SIYA NG RIPLE, AT...
KUNG DI SA IYO'Y HINDI AKO MABUBUGBOG! UMM!!
¡TAYYY!
BRANG
LUMAYO KA, LOLITA!! LAYOOO!!
BITIWAN N'YO ANG RIPLE!! BITIWAN 'NYOOO!
NABUWAL SI AUGUSTO—AT SA ISANG KISAP-MATA...
AKINA'NG RIPLENG 'YAN, LOLITA!! AKINAAA!!
HUWAG KAYONG LALAPIT! KAPAG NAGKATAON KAYO'Y MAKAKALIMUTAN KONG KAYO'Y MAGULANG KO!
LOLITA?! H-HINDI MO 'TO MAAARING GAWIN SA AKIN!
BAKIT HINDI?! ¡IPINAKILALA N'YO NANG HINDI N'YO 'KO MAHAL... LABAN NA LABAN KAYONG AKO'Y LUMIGAYA!!
LOLITA?! NAGKAKAMALI KA!!
SA MULA'T MULA PA'Y WALA NA AKONG SINIKAP KUNDI ANG MAPALIGAYA KA!
KAYA?! KUNG GAYO'Y ANO'T KINUKULONG N'YO 'KO RITO SA BAHAY!? GINAGAWANG PARANG BILANGGO?!
AT NGAYO'Y... NGAYO'Y PAPATAYIN N'YO ANG LALAKING AKING INIIBIG!!
L-LOLITA?!
NATIGAGAL ANG DALAGANG NOON LAMANG NAISIP ANG KANYANG NASABI. NAHIHIYANG NAPATITIG KAY DANIEL NA NABIGLA RIN...
AT...
HU-HU-HU-HU!
LOLITA! HINTAY!
HAYAAN MO SIYA, BINATA!!
TUMINDIG KA AT NGAYON DI'Y UMALIS! AT H'WAG KA NANG BABALIK PAGKA'T PAGNAGKATAON... TALAGANG TOTODASIN NA KITA!
BUONG PAGHIHIRAP NA TUMALIMA ANG GERILYERO...
HINDI KO ALAM KUNG SAAN KA PUWEDENG PUMUNTA... O KUNG MAKAKALIGTAS KA PA SA AYOS MONG 'YAN... NGUNI'T PROBLEMA MO NA 'YAN.
HUWAG KANG MAGALALA! MABUBUHAY PA RIN AKO... AT TAYO'Y MAGKIKITANG MULI!
AT SA KARIMLAN NG GABI, TUMAHAKANG KAHABAG-HABAG NA SUGATAN... NA ANG TANGING NASA-ISIP AY SI... LOLITA!
¡ITUTULOY

*Guhit ni Teny Bautista*






"At minsan, nakita kong magkasama sila ni Sedes..."

# MAGANDA PA ANG BUHAY

Pagtatapat ng isang Modista
Kay BENITO R. CADIZ

**ANO MANG KASAWIAN ANG SASAPITIN NATIN SA DAIGDIG NA ITO AY HINDI NARARAPAT MAGING SANHI NG PAGKABAGOT SA BUHAY**

MARAMI ang masasabing kulang-palad sa buhay na ito. At kaipala'y marami rin ang nababagot nang mabuhay at nais nang humanap ng "katahimikan" sa kamatayan.

Nguni't kung magmunimuni lamang ang tao, gaano mang kasawian at kasaliwaang-palad ang dinaranas ay mauunawang laging maganda ang buhay at hindi dapat manghinawang mamalagi sa daigdig na ito.

Kung bakit, ang aking buhay ay isang halimbawa.

---

Maganda raw ako, ang sabi ng marami. Bagaman ayaw kong tanggapin nang harapan ang bagay na iyan, batid ko na m a n g katotohanan — ayon sa pinatutunayan ng aming salamin.

Sa aking kagandahan ay marami ang nabighani. Marami ang naghain sa akin ng pag-ibig. Nguni't pinid pa ang aking puso sa katok ng pagsuyo, hanggang sa dumating sa aking buhay si Rufino.

Ika-4 noon ng Hulyo at ipinagdiriwang ng ating bansa ang Araw ng Kalayaan nang magkakilala kami ni Rufino. Isa siyang kawal ng hukbong Pilipino na nakasama sa malaking parada at ipinakilala sa akin ng isang kaibigan.

Sa unang sandali pa lamang ng pagkikilala namin ni Rufino ay kapuwa kami tinubuan ng lihim na pag-ibig sa isa't isa, at nang minsang dumalaw siya sa amin ay natamo agad niya ang aking pagmamahal.

—Ang pag-ibig daw na madaling nakamit ay madali ring magmaliw! Hindi kaya maging ganyan lamang ang pag-ibig mo sa akin? —may pag-aalapaap na sabi sa akin ni Fidel nang araw na yaong tamuhin niya ang aking pag-ibig.

—Maaaring ikaw ang madaling m a g l a h o sa aking buhay, nguni't ako, kailan man ay hindi maaaring magtalo-sira sa binitiwan kong pangako... —ang natandaan kong sagot ko naman sa kanya.

Naging matamis at lipos ng buhay ang pag-iibigan namin ng Rufino. Kapuwa kami lumilikha ng isang munting daigdig ng kaligayahan sa aming mga pangangarap.

Subali't dumating sa buhay namin ni Rufino ang isang babaing nagpakulimlim sa langit ng aming pagmamahalan. Siya'y si Sedes, isang takigrapa sa isang bahay-kalakal, na nakadaupangpalad ni Rufino sa isang pagkakataon.

Sa pamamagitan na rin ni Rufino ay natalos kong nais siyang "agawin" sa akin ni Sedes. Hindi raw makakaila ang katotohanan, ayon sa mga pakitang-giliw at sa lantarang mga pagpapahiwatig sa kanya ni Sedes.

—Nguni't huwag kang mangamba, mahal ko... —ang wika ni Rufino. — Kailan man ay di ko maipagpapalit sa iba ang angkin mong kagandahan! Ang kagandahan mong iyan ay siyang lakas at kapangyarihang makapipigil sa akin upang mabuyo pang pumatol sa ibang babae.

Naligayahan ako sa kanyang sinabi. Nguni't isang bagay ang natanim sa aking isip: na ang kagandahan ko ang higit na iniibig ni Rufino. Kung maglaho na ang aking kagandahan, maaaring maglaho na rin ang kanyang pag-ibig.

Kaya, sinikap kong higit pang gumanda kaysa rati. Inalagaan kong mabuti ang aking katawan at gumamit pa ako ng mga sangkap na pampaganda upang higit na maging kaakit-akit ang aking anyo. Ang lahat ay dahil kay Rufino, sa pinakamamahal kong katipang di ko nais na maagaw pa sa akin ng iba.

Nguni't sadya yatang mapagbiro ang kapalaran. Kung alin pa ang pinakamimithi ko ay siyang ipinagkait sa akin ng mga pangyayari. Ang paghangad kong manatili ang aking kagandahan ay nawalan ng saysay nang maganap ang isang di ko inaasahang sakuna. Nagkaroon ako ng aksidente sa sasakyan, at kinailangang tistisin ang kanan kong mata. Gumaling din ako, sa awa ng Diyos, nguni't napingasan ang aking kagandahan. Nabulag ang isa kong mata na siyang nagpapangit sa dati kong anyo.

Gaya ng minsang nabuo sa aking isip, napansin kong unti-unting nanlamig na nga si Rufino sa aming pagmamahalan. Sa simula'y nais pa niyang ilihim ang katotohanan, nguni't nang matutop ko siyang minsan na kasama ni Sedes sa panonood ng sine ay hindi na siya nakapagkaila.

—Wala akong magagawa, nguni't hindi ko na mapaglabanan ang aking damdamin. —wika pa niya noon sa akin. —Ngayon ko nabatid na minamahal ko rin si Sedes!

H a l o s mapugto ang aking hininga nang umuwi ako ng bahay. Nababatid kong kaya nagkagayon si Rufino ay dahil sa tinamo k o n g kapinsalaan. Naglaho na ang dati kong kagandahang kanyang sinamba, at ngayon ay naglaho na rin ang pag-ibig niya sa akin!

Sinikap kong lunasan ang aking kasawian, lalo na nang dumating ang panahong matiyak kong sadyang wala na akong kabuluhan kay Rufino. Ni hindi na siya napapasyal sa amin at hindi na kami nagkakausap man lamang. Si Sedes ang nababalitaan kong lagi niyang kasama. Subali't ano man ang gawin ko'y hindi ko malimot ang lahat. Sadyang masakit pala ang masawi sa pag-ibig!

At isang hapon, nakabuo ako ng marahas na balak. Lihim akong nanaog at nagtungo sa Tulay Ayala. Binuo kong wakasan na ang lahat yamang ako'y isang sawimpalad at di na liligaya sa buhay na ito.

Subali't nang isasagawa ko na lamang ang makasalanan kong balak ay isang pulubing matagal na palang nagmamasid ang pumigil sa akin.

—Maghunusdili ka ineng... —sabi ng pulubi, na nang pagmasdan kong mabuti ay bulag din ang isang mata at putol pa ang kaliwang kamay.

—Nguni't ayaw ko na hong mabuhay.... —umiiyak kong wika, at ipinagtapat ko ang sanhi kung bakit naisip ko nang magpatiwakal.

May luha rin sa mata ang pulubi nang muling magsalita...

—Kay-dali mong maghinanakit sa buhay, anak! Nabulag lamang ang isa mong mata ay nagkakaganyan ka na!... Tingnan mo ako, bulag din ang isa kong mata at putol pa ang isang kamay, naghihirap ako sa buhay at halos palad nang makaraos sa oras... nguni't ako'y maligaya! Sa ganang akin ay maganda pa ang buhay, lalo't kung may

(Buklatin sa pah. 31)

## *Iba't-ibang* KULAY *sa* PUTING-TABING

Marami ang nagkakamali ng palagay sa mga direktor at artistang "sikat na", ang wika nga. Hindi lahat nang direktor at bituing tanyag na ang pangalan at may sarili nang luningning ay "lumalaki ang ulo", gaya ng sabi ng ilan. Marami sa kanila ang patuloy na magiliw sa kanilang mga tagahanga at malugod makitungo sa sinoman.

Katunayan, diyan na lamang sa pagsusuri ngayon ng FAMAS sa mga pelikulang Pilipinong karapatdapat pagkalooban ng karangalan, ang mga direktor at bituin ng iba-ibang estudyo ay nagpapamalas ng kasiya-siyang pakikitungo sa balana. Kapag binati ng sinoman ay kaagad na ngingiti. Kapag biniro ng mga tagahanga ay sumasagot din nang pabiro. Kapag kinausap ay magiliw na nagsisisagot. At sa umpukan naman ng mga nagsusuri sa itinatanghal na mga pelikula ay masasaya ring lahat. Tumutugon sa mga biruan at "nakikibagay nang husto", sabi nga ng isa.

Nguni't naito ang wika ng isa: "Manatili sana silang ganyan. Baka naman kung ganito lamang nalalapit ang pagbibigay ng karangalan sa mga artista, direktor at iba pang tauhan ng pelikulang pilipino masasaksihan sa kanila ang ganyan..."

Sa palagay namin, ang sinomang kamalasan ng kagandahang-loob at katamisan ng ugali sa mga pagkakataong tulad ng nabanggit ay sadyang likas na sa sarili. Sapagka't ang talagang "mataas" at "malaki ang ulo", saan mang lipunan at sa alinmang pagkakataon ay makabati-dili. Kaya nga hindi kami nag-aalinglangan sa likas na kagandahang-ugali ng tinutukoy naming mga direktor at bituin sa puting-tabing.

---

Isa sa mga kapuripuring direktor ng Sampaguita Pictures ay si Tony Cayado. May sarili siyang paniniwala at simulain sa pag-unawa sa mga bagay-bagay.

Noong nakaraang Lunes ng gabi, nang suriin ng FAMAS ang tatlong pelikula ng Premiere na kasama sa mga pinagpipilian sa taong ito, ay isa siya sa pinakamasarap kumain nang oras na ng hapunan.

"Baka naman kabagan ka..." pabirong sabi tuloy ni Luciano B. Carlos, ang masayahing "script writer" ng Sampaguita na panay din ang subo ng malutong na litson.

"E, ano... bahala na!"


Ayon kay Tony, kahit saan ka naroon, kailanpama't b u o n g-pusong hinandaan ka ng pagkain ng maybahay, ay kumain ka nang husto. Magpakabusog ka at huwag magkunwari.

Siyenga naman! Sapagka't kung hindi ay parang dinadaya mo lamang ang iyong sarili at ang naghandog ng salusalo. Bukod sa riyan, higit na masisiyahan ang isang maybahay kapag nakitang nasarapan ng mga panauhin ang idinulot na pagkain.

Isa pang napansin namin kay Tony ay ito: hindi siya *makasarili* lamang. Ganyan ang sabi namin sapagka't nakita namin siyang *nakikipagdebate* sa ilang kaharap nang matapos na ang paghahapunan nang gabing yaon. Ang narinig naming tinatala-



**Isang tagpo ng romansa nina Paraluman at Rogelio de la Rosa sa "SINO ANG MAY SALA" ng Sampaguita Pictures. Nagsisitupad din ng mga pangunang papel sina Gloria Romero, Ric Rodrigo, Lolita Rodriguez, Luis Gonzales, Rosa Mia, Susan Roces, Romeo Vsquez at Tony Cayado, sa direksyon ni Armando Garces.**


**Bagong** *Camay*

ay may nakapananabik na bagong halimuyak!

*"Kinagigiliwan ko ang bagong Camay! Ang halimuyak nito ay sadyang isang kapanapanabik na paraan tungo sa karilagan!" .....ani*

*Cecilia Lopez*






Cecilia Lopez, kaibig-ibig na bituin ng LVN Pictures.

**Bagong Camay! Bagong Pabango!**
Bagong kahali-halinang halimuyak ang idinagdag sa Bagong Camay! Ang mahinhin at mamahaling pabangong ito na buhat sa maraming bulaklak ay matatagpuan lamang sa Bagong Camay!



**Suwabeng-suwabe! Mabanayad!**
Ang inyong kutis ay pinakikinis, pinalalambot ng banayad na bula ng Bagong Camay! Pinamamalaging sariwa at maganda ang inyong balat—tulad ng sa bituin sa puting tabing!



**Ukol sa ganap na kagandahan!**
Dinudulutan kayo ng Bagong Camay ng isang ganap na paraan sa pagpapaganda! Ito'y kahanga-hanga ukol sa inyong mabangong paliligo at paglilinis ng buhok. Maseselan mang tela ay *buong ingat* ding nalalabhan ng Bagong Camay!



**CAMAY ang sabon ng kagandahan**

Makinig sa "Dulaang Camay sa Himpapawid" tuwing Linggo, 8:00—9:00 N.G. sa DZRH, 650 sa inyong radyo.




Copyright PMC 1956